Respondent 5	<p>I have a lot! But I can tell you kung ano-ano yun! Una ay “Love it if we made it” ng the 1975 in Madison Square Live 2022. Favorite line ko dun yung ano, “Poison me daddy!, I got the Jones right through my bones”. Sobrang solid nun ng live! Actually lahat ng lyrics nun ang sarap lang isigaw. Tapos 2nd ko which is yung mostly repeated song ko sa spotify last year is “Let the Light in” ni LDR. Ang pinaka-gusto kong line doon, “I just smile, 'cause babe, I already know, You know I got nothin' under this overcoat”. Siyaka yung part na “Cause I love, to love, to love, to love you, I hate to hate, to hate, to hate you”. Tapos yung 3rd ay “fallingforyou” ng the1975 ulit. Yung line na gusto ko dun, “I don’t wanna be your friend, I wanna kiss your neck!”. Tapos meron pa, Comic Sans ni Okay Kaya. Favorite line ko dun yung, “if acceptance is key I’m here, waiting for the locksmith”. It’s the</p>

	puns! Meron pa isa yung “This Could Be It” ni Reese Lansangan. Favorite ko dun yung ano, “Cause once I feel the tide, I drown, I fight the current, Pulling me down, I overflow and I try to hide it”. I relate a lot dun sa line na ‘yun. Especially when I try so hard to hide my emotions even though they’re so obvious. To hide what I want and who I am even though these characteristics are so me. Yun.
Respondent 6	SZA, Normal girl. “This time next year, I’ll be <i>living so good</i> ”.
Respondent 7	“Mayonaka Door”, Miki Matsubara. Pero bago yan yung sa Voltez V. Pag tapos na yung laban, yun na yung ending ng anime, papatugtugin na yun. Tapos yung sunset umaano na yung sunset hahaha.
Respondent 8	Yung kay Britney spears na. Nynyanya monster.. (Monster-Lady Gaga). Favorite line ko dun, “the boy is the monster”. Daylight – David Kushner. “Try to follow your light, but it's nighttime, Please, don't leave me in the end”. Yung dynasty. “It all fell down; it all fell down!”.
9. When do you feel the most beautiful?	
Respondent 1	When I’m all dressed up. Pag nakaporma.
Respondent 2	When I dance. And when i’m happy. Many moments make you happy right? It’s just not one, it can be many moments of happiness. Happiness is like a wave in a aurora borealis. It’s like mesmerizing.
Respondent 3	I’m most beautiful naka make-up ako. Nag mamakeup lang ako pag pumapasok ako sa office kasi I have to be presentable, so I feel beautiful. Makeup. If I’m wearing my jewelries, I feel beautiful from the heart.
Respondent 4	Pag naka makeup. Kasi conscious effort talaga sa babae kapag nag aayos. SO, kung gusto mo maging maganda, kailangan mag effort ka. Pero nararamdaman ko rin na maganda ako through confidence. Kapag naka bikini tayo. It shows na kahit hindi maganda yung skin mo sa pwet, kahit maitim kili-kili mo. Pero if you feel confident about your body, that’s beauty. Free the nips! Hahahahahah.
Respondent 5	I feel the most beautiful when I dress up or when I get naked hahaha. Oh my god. Those two! Or when I do stuff in front of the mirror and tease myself hahah! I feel beautiful with this sensual side of me. When I give myself pleasure. Dress up or put make-up on. When I dance. I feel beautiful when my hair is messy idk why. When I run or jog. When I walk confidently out the streets I feel really beautiful. Yeah.
Respondent 6	Wala pag maganda ako sa selfie hahaha. Ibig sabihin ganda ko today ayun!
Respondent 7	I would say it is a mystical experience. Yung sa La Salette. Yung nakita niyang gumagalaw diba. Hindi ko nakita yun diba. Tapos we felt a very

	<p>peaceful, calming. Hindi lang yung inner eh merong energy na nakabalot dun sa realm nay un eh. Para kang hinihilot na may energy na pumapasok sa'yo, may kuryente. Imaginin mo yun. Hindi ko malaman kung bakit nangyari. Nung nag family ano tayo. Tas nung bumalik kami, kami nalang may ganun pa rin. Sabi ko bakit nangyayari 'to. Sa amin lang. I did not think about myself, naka focus na ako dun sa experience. Beauty is harmony of all the elements. Yung lines, colors, balance. Beauty is harmony, unity, and balance of things. Pagkamay unity, balance halimbawa health, pag may balance sa katawan mo, if there's no great problem ibig sabihin may harmony. Pero pag merong problem, nagagalaw yung harmony and balance. That is for me when I experience beauty. When there is unity, balance and harmony. Yung unity ay hindi siya malawak na word. Yung mas malawak na word ay harmony including the universe. Hindi lang siya talking about good things, even evil. Nagkakaroon siya ng harmony. Unity ay specific goal tapos iba ibang tao o nilikha tapos towards kayo sa one. Yung harmony walang goal, but all of you are there acting together. United, meron kayong goal, iba iba kayo pero papunta kayo doon.</p> <p>F: Ah parang sa orchestra ganun? Iba iba kayong instruments pero may harmony.</p> <p>Exactly.</p>
Respondent 8	<p>Pag bagong ligo tas pupunta sa school. Hindi ko alam kung anong meron sa salamin ng school namin. Pero parang mukha akong maganda dun. Siyaka pag nakalugay ako. Iba kasi nadadala ng buhok e. Nakakapayat ng mukha. Yung mukha ko hindi naakop sa hairstyle ko. Mukha akong bilog beh! Masyado malaki mukha ko. Importante talaga yung pulbo.</p>
10. When do you feel the most vulnerable?	
Respondent 1	<p>Siguro kapag ano, kapag nagsasabi ng totoo yung kausap ko tapos ayoko tanggapin kahit alam kong totoo. Kunwari pangit yung laro ko, tapos tinatrash-talk niya ako. Alam ko namang pangit yung laro ko, pero, ayoko tanggapin.</p>
Respondent 2	<p>I feel most vulnerable in my appearance and body. Everything. Parang showing up, being out there. Physical. Me. My whole being. Meron pa rin akong self-conscious sa how I appear. Sa internet, sa physical. Ayun. Maybe due to teenage trauma. Siyempre mataba ako nun. So, I hide. 2012 yung pinakamataba ko ata.</p>
Respondent 3	<p>Vulnerable? If my children disobeyed me and if I'm frustrated with them, that's the moment of vulnerability. Next question.</p>
Respondent 4	<p>Kahit kailan. Kapag nag jojournal tayo. Kasi minsan doon tayo nag oopen up eh. Siyaka nung nag sorry si about doon sa GC. At least nag</p>

	<p>rereach out siya. Naisip ko nun, ay naging big deal pala yun sakanya. Na may nakakalimutan siyang bagay. Vulnerable ako anything related to family.</p>
Respondent 5	<p>I feel vulnerable most of the time. There's a lot of things that make me feel vulnerable. I'm vulnerable with uncertainty, when I cry, when I speak my truth, when I show my authentic self, when I share anything! It could be posts, thoughts, anything! When I open up ideas with my teachers I feel vulnerable. Being perceived with the ideas I have and this physical body. When I'm angry. I can be swayed by my emotions; can say things I don't mean. And I feel a lot. My feelings make me feel vulnerable. And the thing is these feelings never really go away. They're always here popping whenever they want. I guess that's just part of me being human. I feel a lot.</p>
Respondent 6	<p>Parang lagi naman akong vulnerable, hindi ko siya pinipigilan. Unless mga bagong tao talaga siya. Most vulnerable ako with friends, with you, family ganun. May wall ako lagi, but tinatry ko magsabi ng totoo. I think yun siya e, magsabi ng totoong nararamdaman mo talaga. Ang daling sabihin pero mahirap gawin. I think, ganun dapat I live yung life. Kasi pag ganun vulnerable ka, and you live life in your truth and pure intentions, it will not necessarily guarantee you a good life, but pure yung intentions mo. I feel the most vulnerable pag natatackle yung "lost" ng mga tao. Kasi ang dami talagang nawalang tao sa buhay ko last last year (2022). Lahat ng bestfriends ko nawala eh. So, napapaisip ako if ako ba yung problema? Babalik-balikan ko lagi yun. Pero ayoko rin i-describe ang vulnerability that would make you soft in a bad way, sad way. Vulnerability talaga is not being afraid to show what you truly feel at the moment.</p> <p>F: Paano nag transform sayo yung word na yun?</p> <p>Ewan ko pinanganak lang talaga ako, nauna siya as kapal ng mukha. Bata pa lang ganito na ako eh. Personality ko siya. It's a gift and a curse.</p> <p>F: paano mo nasabing both blessing and a curse siya?</p> <p>Kasi hindi rin okay lahat ng tao with this personality. Kasi may mga time na bagong kilala sa akin tapos na sh-shock sila. And maraming intimidated sa akin, maraming galit sa akin. Ayun. Hindi sa nag transform, but as you age nag iiba yung meaning talaga niya. Like nung 2017 diba, ang dami kasing nangyari nun eh. Kay P na cool off yun eh pero pinipilit ko ayusin as in nagmamakaawa ako sakanya for like half a year, and dun nag transform yung respect ko sa sarili ko na never in my life that I will do that begging again. Since, narealize ko nung naging kami ni P nawala yung pagiging ganun ko. Natakot ako lagi, hindi ko sinasabi yung nararamdaman ko, kinikeep ko lang sa sarili ko, kasi I feel like I should be tamed. Nag iba talaga ako nung naging kami. I got so focused in him. Wala akong friends kasi siya</p>

	lang lagi kasama ko. Hindi ko nakakasama sila E. Nawalan ako ng time sakanila. Compounded meaning nagsabay sabay. Focus ako kay P, busy ako sa TBWA and wala talaga akong time. And dun hindi naging masaya si E. Kaya nag drift away yung friendship
Respondent 7	Pag galit ako. Anger nga. Yun lang.
Respondent 8	May inferiority complex ako. Feeling ko inferior ako. Minsan kasi apat silang naguutos sa akin. Itong year na ‘to kunwari maglalaba ako sa labas gabi na, “ay ayan si R naglalaba sa labas, nagpapaawa lang yan e”. Sadya lang talaga na gabi yung free time ko kasi pag maaga wala akong wisyo. Nocturnal ako eh. Gusto ko yung maiintindihan ako hindi yung pinepeke lang.
11. What part of our (filipino) culture do you mostly appreciate?	
Respondent 1	Pagiging hospitable. Kasi kada pupunta ka sa bahay papakainin ka. Sa atin lang, pero hindi sa ibang bansa. Pero siyempre dapat respeto din. Dapat kunwari mahihiya ka muna, “Ay sige lang po” hahahaha. Siyaka yung pagiging matulongin ng mga pilipino. Siyaka yung pagkain rin natin. Adobo ganun caldereta.
Respondent 2	Yung community. Yung family-centeredness. We’re always thinking about how would other.. Palagi natin iniisip kung kumain na sila, o umuwi na. Siyempre double-edged sword. Pero mas positive siya kaysa sa negative. Kasi, hindi tayo ganun ka-conformists. As a country. Hindi tayo palaging tied to whatever’s the norm.
Respondent 3	Love of family. Period.
Respondent 4	Spirit of Christmas. Yung putobungbong, carolling, xmas party hahaha. Love of family isa ren. Pero minsan nagiging dependent yung family in a bad way. Kaya maganda na na-imply sa atin nila mama na you should stand on your own. Depend on your own.
Respondent 5	Pinaka naappreciate ko sa culture natin ngayon yung values. Yung kapwaness. Basta yung ano ni sikodiwa. Filipino psychology and psyche. Pero other than that, yung hindi masyado individualistic dito sa Pilipinas. Vinavalue natin yung community, family, nature – I hope. Siyaka magaling tayo mag create ng mga bagay from nature. Like sa mga local businesses, yung banig, damit. Yung creativity ng Filipinos at culture. Sa pagkain, pagiging magulang, siyaka yung pagka non-binary ng language natin. So yun, language, culture, traditions, psychology, nature. Siyaka mga jeep. Yung weather rin! Gusto ko yung tropical country tayo. Init lamig lang walang snow. Dami ko na-appreciate.

Respondent 6	<p>Yung pagiging masiyahin at resilience. Kahit anong mangyari basta resilient ang tao, gagawa at gagawa siya ng paraan to see a silver lining sa kahit anong pangyayari. It has it's bad sides, pero mostly magandang bagay siya. Life is 10% what happens to you and 90% how you deal with it. You can plan all you want pero pag binatuhan ka ng buhay, which most likely ganun yung mangyayari. So, kaya important yung trait ng resilience. Dapat adaptive ka.</p> <p>F: Kanino mo napansin yung trait na yun sa buhay mo?</p> <p>Si daddy. Kay mama palang eh. Si daddy yung pinakaresilient and patient. Minsan nga feeling ko kulang siya sa time ng pag oopen kasi napuputol agad. Pag nagkwkwento siya tas nandun ako, I try to listen. Like nung kumakain tayo nung bday ni mama, bigla lang naputol agad yung kanya. Vulnerable moment kay daddy yun e kasi nagsasabi siya na gusto niyang umunlad pero hindi sakanya binigay yung opportunities. Totoo kasi talaga yun eh. Working hard matters, pero, swertihan talaga. Lakas ng loob, diskarte, siyaka swertihan. Diba sabi niya nga marami siyang missed opportunities. So, marunong ka dapat mag grab. Meron lang siyang lapses in terms of diskartehan. Pero hindi mo masasabing tamad si daddy.</p>
Respondent 7	Pagtutulungan at siyaka masiyahin. Fun.
Respondent 8	Yung pupunta ka sa bahay tapos, "oh ito mga pagkain para sa'yo". Yung warm welcome as bibigyan ka nila ng pagkain. Kasi ma generous ang pinoy. Yun yung gusto ko. Kasi sa ibang bansa hindi na iimplement yung ganung values.
12. In what ways are you creative?	
Respondent 1	Di ako creative eh. Edi sa pagluluto pag nag eexperiment ng kung ano-ano.
Respondent 2	I guess when I think. Kasi pag nag iisip ako nag-iisip ako agad ng punchline. Yung nag take ako ng workstyle quiz, meron talaga akong entertainer side in myself. Pag kunwari pag nakaisip ako ng joke agad tapos sinasabi ko.
Respondent 3	<p>I am creative most of the times, but not in that art. Yeah. I can be creative in terms of fixing things. How can I fix things? I'm creative in finding solutions on how I can fix things. I can repair things. I can beautify things.</p> <p>F: Wow. How do you beautify?</p> <p>How do I beautify? You know it. I repainted the house, the interior. You know me! I bought lights, I bought wallpaper. Look at my room, my ceiling and my walls. They are covered by wallpapers. Yeah.</p>
Respondent 4	Magtupi. Mag ayos ng gamit. Pag nag-mamake up din. Hindi ako titigil hangga't may di ako nasosolve na problem. Kunwari may tinanong sa

	aking bagay, na ako sa tingin mong naglipit, hahanapin at hahanapin ko yan. Hindi ako titigil. Remembering things rin. Pero ngayon hindi nag iinstill yung memory. Kahit na gusto ko siyang tandaan. Nakakalimutan ko. Bat ba nakakaiyak yung mga questions! Ewan ko sa utak ko maliit lang kaya niya i-absorb. In whisper: “Kasi maliit lang utak ko”. Hahahahaah. Siguro maganda yung may photos pa rin na physical siyaka sa cellphone.
Respondent 5	I’m in the arts pero hindi ko pa rin masabi na creative ako sa arts. I guess I’m creative in my words. My poetry. My clothes and styling. I’m also creative in my cooking. Kung may gusto akong lasa mag-eexperiment ako. Nasa writing talaga. Para sa akin. Pero I also have visual skills like designing, drawing, sketching, etc. I feel like mas creative ako sa arts and crafts. Siyaka my humor is also a source of creativity, sometimes.
Respondent 6	Dami! Parang sa lahat ng bagay naman eh. Creativity is not just arts and crafts. Sa advertising nga sinasabi namin na, “ <i>Creativity is your ability to solve a problem</i> ”. Creativity yun as in finding resources, evoking emotion. Sa lahat ng bagay yun. In a surface level sa music, sa art, next lang yung sa writing kasi ayoko talaga magsulat my god! Pero yun trabaho ko. Tapos sa pag arte. Pati sa buhay ko nadadala ko yung pag arte eh like how expressive I am. Sa pananamit!
Respondent 7	Ang discovery ko creative ako sa words at sa sounds. Yung sa mga pantawag ko sa aso. Jujubite yung ganun. Nag p’play ako ng words.
Respondent 8	Hindi ako yung creative na magiisip ng idea tas mag bloom na siya sa akin. Kailangan ko ng multiple reference at ideas. Reference 1 kukunin ko tong part na ‘to, reference 2 itong part na ‘to. Through multiple reference may kinukuhang akong part tas napag iisa ko siya. Napaghahalo-halo ko yung idea tapos I can make it as my own. F: Nag-aapply yun sa kahit ano? Sa research sa drawing.
13. Do you have a spiritual practice?	
Respondent 1	Wala. Nag-ppray ako pero hindi siya routine. Pag pray lang tuwing Sunday. Pagpapasalamat ng kung ano mang nangyari tapos yun guidance. Yun lang naman.
Respondent 2	My burning incense. Kasi nung sabado nung nag-light ako ng incense sa taas, first time ko siya gawin na pagkalight ko ng incense pinanood ko yung flame. Natutuwa ako dun sa pag move nung flame. Naghihiwalay, tas biglang nagiisa. And meditative pala kahit nanonood ka lang sa isang simpleng bagay. Tapos dun ka lang nag focus ng attention mo. Parang nagiging as in meditation siya. Though kahit hindi ka nag b’breathe in at out

	<p>ng deeply, pero ang quiet ng utak mo kasi nakatingin ka lang dun sa flame. Parang mga 5 mins. Ko yun ginawa. Na parang uy, siguro kung araw araw ko to gagawin, sobrang nakakacontribute siya sa peace of mind at grounding.</p>
Respondent 3	<p>Yes, I do. A moment of silence. I pray the rosary as much as possible before going to sleep. I pray a lot every time that I feel I need prayers.</p> <p>F: How does that guide you?</p> <p>It makes me feel. Recover from frustrations. It makes me feel. I feel hope. And I believe that God will provide and protect. Okay, next.</p>
Respondent 4	<p>Para sa akin wala naman practice. Siguro umiiyak lang ako lagi pag nagdadasal. Minsan humihikab lang ako diba. Yun lang!</p>
Respondent 5	<p>What I consider as my spiritual practice are breathwork, yoga, and writing. Writing in my journals is a meditative practice. I think anything that allows me to be meditative is in itself a form of spiritual practice. Watching nature and stillness. I remember when I posed in Sunday Nudes. Merong 5 mins, 3mins, and 5mins. ata yun. You're gonna stay still for a time so that the artists can draw you. The stillness in that experience is for me meditative. Sana makapag-pose na ulit ako. That experience is really beautiful rin!</p>
Respondent 6	<p>Until ngayon hindi pa rin e! Hindi pa rin ako nag e-ease in. ease in in a way na komportable ako dun. Kasi hindi talaga ako confident, and ayoko siya. Inembrace ko nalang siya kasi yun yung naging career ko. Hindi ko pa siya nabibigyan ng totoong craft. Hindi pa ako nagdededicate ng 100% commitment to it until now. Ginagawa ko lang siya kasi trabaho ko siya. Kung hindi ko siya trabaho hindi mo naman ako makikitang nagsusulat. Sa kanta oo. Pansin mo. Kaya halos lahat ng project ko kanta eh. Siguro yung isa ring gusto kong gawin this year talagang study writing. Kasi associate creative director na ako eh feeling ko nadaan ko lang sa patawa, sa boka. Manager role na siya eh. Mamaya may mga writer na by the book, yung alam nila yung rules, grammar and all. Which is na eencounter ko rin everyday. Kaya dapat ikaw, pride mo na rin na alam mo yung basics, yung fundamentals.</p> <p>F: sino yung nag-guide sa'yo sa pagsusulat?</p> <p>Yung boss na nagsabi sa akin na maging writer nalang ako, si S. Sa market connect. Sabi niya "maging copywriter strategist". Sabi ko "hala Ms. S hindi ako nagsusulat". Sabi niya, "hindi". Tanggap ko nalang. Tas yun tyinaga niya ako may book report ako every week. Tapos pumunta na ako sa Dentsu.</p>

Respondent 7	Yeah pag nakikita niyo ako pag umaga. Ang spiritual practice ko kasi ay spiritual reading. Yung mga books na spiritual, bible or any books about spiritual. Or just being one with nature. Being alone, observing nature.
Respondent 8	Yung paglalakad. Kunwari magagalit na ako pero kailangan ko itikom yung bibig ko (at breathwork). Lalo na pag may mga trees.
14. What's your spirit animal?	
Respondent 1	(n/a)
Respondent 2	I think I'm penguin.
Respondent 3	(n/a)
Respondent 4	Hindi ko alam pass. Year of the ox ako. Baka yun diba? Hahahahaha. Siguro dog. I love dogs.
Respondent 5	Right now I'm trying to be more open to shape-shifting. I want to explore my identity and be fluid. I say chameleon. Kaya niya bagayan kahit anong environment. Gusto ko yung ganung fluidity and flexibility to be anything I want when I want it. That's all.
Respondent 6	Corgi.
Respondent 7	I'm not aware of it. Sa zodiac sign leo, Lion. Year of the monkey ako pero zodiac sign ko lion.
Respondent 8	(n/a)
15. What brings joy to your inner child?	
Respondent 1	Video games. Mario, Contra. Mga luma, mga laro sa FC. Sa PSP Tekken.
Respondent 2	Food. Hahaha. Yeah. It's all I could think of. It's food, it's sweets, like candy and cake and you know all of the junk foods. I like junk food. Chocolates, sour candies, mga nabibili sa tindahan.
Respondent 3	<p>I can't remember because I don't enjoy my childhood. Because my lolo was very strict I was not allowed to play long outside the house and he's very protective. I don't. Ahhh. Yeah, I enjoy every time na nagbabaha sa V. Mayor. Kasi may umaakyat na mga pagong sa bahay naming at nakakahuli ako ng isda. That was 70s. Yung mahaba siya tapos may bahay siya, umaakyat siya sa bahay naming kasi nga baha. Umaapaw yung ilog.</p> <p>F: Kung may magagawa ka ngayon to make up for that kid na wala masiyadong childhood, ano gusto mo gawin para sakanya?</p> <p>I3: Gusto ko siya ipasyal. Kahit saan. Kasi hindi siya nakapasyal eh. Nakapasyal lang siya naalala ko noon nanalo kami sa T. Paez unang nakarating ako sa Tagayatay. Siguro grade two or grade three nanalo kami sa contest first time kong nakatikim ng fried chicken. Tom Sawyer yung brand ng chicken na nakain ko. Doon lang ako nakakagala tuwing may</p>

	<p>school activity na wala ako kailangang gastusin. Ang isang hindi ko malilimutan na event sa school, grade 3 ata ako noon. Hindi ako sumali sa presentation kasi kailangan yung maria clarang damit, eh wala naman akong pambili. Nahiya ako sumali, hindi ko nalang sinabi sa teacher ko na wala akong pambili. Basta ang sinabi ko hindi nalang po ako sasali. Yun lang yung mga natatandaan ko.</p>
Respondent 4	<p>Kulkog. HAHAAAH. Habit ko pa rin yun hanggang ngayon. At siyaka yung nagkukulot tas may tunog. Tas magigising ako may ganyan ako minsan. Ginagawa ko siya pampatulog, or minsan unconscious ko siya nagagawa. Siyaka pag naliligo pa rin tayo sabay-sabay. Kasi hindi na siya normal. Lalo na pag tumatanda. Pangalawa pag nag cecelebrate pa rin tayo ng birthday ng sama-sama, hindi kulkog.</p>
Respondent 5	<p>Candies and playing. Ngayon naglalaro na kami ng switch sa mario kart. Playing video games again. Siyaka dressing up! I think it's what I can truly connect with my inner-child. I remember dati my sister have this gown. It's like a small gown and I was 3 or 4 years old. Violet ata yun or red na suede or makinang basta yun. Nakita ko yun tas sobrang natuwa ako talaga. Gusto ko sana suutin pero hindi ko nasuot kasi kailangan i-zipper. Pero na-amaze talaga ako nun. Parang may energy na dumaloy sa akin. Magical. Magical yung experience na yun. I remember rin dati I was like 5 or 6, Mama and I went to shopping. Then I saw this backless pink dress. That's above the knee. I was so happy and I can't stop smiling when I wore that dress with a little pink chaleco. There's this sort of happiness that clothes bring to me. There's magic in it. In the fabric and in wearing it. Expressing myself through clothes it's powerful, it's magical, it's sweet! Because it reminds me of my inner-child. Also my love for animals and nature. My curiosity for anything. And just dancing. And running! When I run I feel like a child. It's fun that when I sprint I feel so powerful. Eating cake too! And fire. Yung mga video sa akin ni mama dati na ako lagi katabi ng mga birthday celebrant kasi gusto ko i-blow yung candle. Bata pa ako gusto ko na mag-blow EHH. Joke. This connection with fire and water.</p>
Respondent 6	<p>Anything that reminds me of my childhood. Nostalgic things. Ice pop. Safari, tofiluck. Sa school yan eh. Pagkain o dessert.</p>
Respondent 7	<p>Play. Harot. Basta nanghaharot lang ako. I would like to make things in play.</p>
Respondent 8	<p>Pag 20s kasi siyempre adult ka na, kilos matured ka na dapat. Pero ako kasi yung tipo ng tao na ang kulit-kulit ko. Hanggang ngayon gusto ko pa rin yung mga pambatang laro. "Bakit hindi ako pwede diyan bat bata lang pwede dito?". Minsan yun din yung inner child na nirerestrict ko, kasi nga dapat kilos na ng ganitong age ganun.</p>

	F: So pag hindi mo siya nirerestrict ano yung- Sabog. Masyadong maingay. Masyadong hyper.
16. When did you last laugh out loud? Tell me the story behind that.	
Respondent 1	Nung Tuesday. Pinagtritripan namin si M dun sa kachat niya. Inaasar namin tas ginagatung-gatungan na namin ni H. Tas ayun wala na siya masabi, tahimik nalang siya. Sa selpon lang nakatingin, nakangiti lang pero sa loob-loob nasasaktan hahaha.
Respondent 2	Kanina. Yung nagsasabi si A na mag Zambales. Tapos siya pala yung inimitahan nila. Tapos binu-book na ni A pang sa atin. Natawa ako kasi nga pang sila yun, Tapos inaano na niya sa atin na pang outing kumbaga natin.
Respondent 3	Wala. I always laugh but not loud! Hahahha.
Respondent 4	Marming beses. Hindi ako makapagbigay kasi nakalimutan ko na nga.
Respondent 5	Last night! I was up till 11 pm last night kasi nga inaayos ko yung Google Cloud na nakakainis manual activation eme 90 days ko. Tapos nagp'plansta si C sa kwarto ng mga uniform niya. Tapos nakwento niya sa akin na nasabi daw ni I kay M na nagpaalam na daw si A. Tapos sabi daw ni M, "my captain, my captain!" AHAHAH. Nakakatawa yung pagkakawento ni C.
Respondent 6	Trip namin sa tanay. Hindi ko na maalala yung specific topic namin eh pero masaya. Kami ni C pareho kasi talaga kami ng personality, pareho kaming virgo. Komportable kami sa isa't isa taas gets mo agad yung connection. Pag mga ganung trip.
Respondent 7	Kanina lang. Tsismoso ako. Eh bumili akong gulay naguusap yung mga nagtitinda dun. Sabi nila, "Pucha nag tutulakan tayo, nagkasugat-sugat tayo, para lang sa bente pesos". Minsan ang fun, ang laughter, satire rin siya eh. Di bale, it's the fun you also experience. Yung play ang binabayaran mo dun.
Respondent 8	Yung nasa EBC tayo tapos sinabi mo yung prof mo... F: Ah yung pogi yung prof ko? Oo hahaha. F: natawa ka dun?! Oo hahahahaha. F: Hala ilalagay ko 'to sa ano ko!

17. What reminds you that you are human?	
Respondent 1	Mistakes. Mga pagsisinungaling ganun. Mga hindi sinasadyang pangyayari ganun. Yung akala mo gumagawa ka ng maganda, pero hindi pala. Mga honest mistake.
Respondent 2	Of my flaws, mistakes, and I can be wrong. And I can be tired. And I can die soon. That's it.
Respondent 3	I am human, I have limitations, I have talents. I have wisdom to know what's good and right. I'm human.
Respondent 4	Pag umuutot at siyaka kapag nagkakamali siyempre. Siyaka kapag may bagay ka na di macontrol.
Respondent 5	My desires. That's what reminds me that I'm human, my needs and desires. I can breathe. Yung hininga. Yun nga yung sabi ni sikodiwa. Hininga (breath) is being. My breath, my messiness, my chaotic mind. The thought that I need to figure out things. Kailangan ko laging intindihin lahat. It's a process of understanding things is what makes me human. Ang gulo ng creative process ko dito pero somehow I'm making it work. I think one aspect of it is that I'm always trying to understand what I'm doing and what I want. That's what pushes me to accomplish things and understand myself. And my connection with others. When I resonate with their experiences too. Nung nagshare yung mg ana-interview ko dito para sa thesis, I realized that my experiences are really not that special. You know? We all experience it deep inside ourselves. That's kind of an amazing experience to know and go through for this project. Understanding that my experiences are not that special and we're all human beings that can feel, that go through shit, that we are all a work in progress trying to be good. I'm human too in the way I communicate and in my body. My hands is what makes me human.
Respondent 6	Death! Yung pagkamatay ni Ate, nag bata pa ni ate eh. Siyaka nawitness ko na pagkabata ko, bata rin si Ate. Nakita ko na yung life na kasama siya hanggang tumanda. And hindi yun nangyari. So, lahat tayo mamamatay. Lahat tayo may timeline and hindi mo yun alam. Walang nakakaalam nun. Sino ba namang magaakala na ilang araw nalang pala si Ate nun after ng outing natin? Kaya ako in the moment ako now. Meron rin kaming ganitong usapan nung tanay na parang deep conversations. Parang as much as possible try to make every moment present kasi hindi mo alam. So what reminds me that i'm human, death! Siyaka it humbles you. Sino ka para magsabi na meron ka pang bukas. Who are you to say that you have the luxury of later or tomorrow? It makes you value yung oras. Si john lloy kasi diba maikli lang din buhay nila john loyd. Sila mama iniisip ko din yun. Diba ayan humihina na sila mama. So as much as kayak o sila i-travel, kasi yun din yung quality time for me eh. Experiences yun eh. Kasi at the end of the day yun lang babalikan mo e pag namatay ka. Yun

	ang buhay, yung memories. So, anong quality of memories yung gusto mong meron ka sa buhay mo? Yun lagi ko yun iniisip. Kaya lagi ako nagyayaya umalis. Oo nakakapagod, pero kailan lang ba tayong magkakasama? Yung ganun.
Respondent 7	That I can make mistakes. That I am vulnerable. You're just like anybody in the world, you can be hurt. Anything that human experiences, makes you human.
Respondent 8	<p>Yung makapag forgive ako easily. May mga times kasi na, "ay galit ako sakanya di ko na siya papansinin". Tapos mamaya, "hala okay na nga~sige okay na nga". Gusto ko lang maging kalma. Mamaya asan na yung galit ko, balik mo nga yung galit ko galit pa ako sakanya. Pero pinapatawad ko na siya sa isip ko kaagad.</p> <p>F: Marupok! Ano sa tingin mo yung quality mo na nakakapag forgive ng ibang tao that easily.</p> <p>Empathy. As much as possible, most of the time, inaano ko rin yung perspective ng ibang tao. Umaano yung empathy ko kasi naiintindihan ko yung perspective niya, saan siya nanggagaling. Hindi sa lahat ng oras. Minsan kasi hindi ko naiintindihan dahil sa galit ko. Pero once na binigyan moa ko ng time, ay ganito pala, naiintindihan ko na.</p>
18. How do you deal with pain?	
Respondent 1	By letting it heal naturally, unless kailangan talaga ng gamot. Pag physical hayaan mo lang. Pag emotional, wala, nililibang ko lang sarili ko hanggang sa kaya ko na harapin. Healed na ako pag wala na siya sa isip ko, hindi na siya nakaka-affect sa akin. Pag present pain siya edi iniinda. Kapag i-keep ko lang wala naman akong ibang iniisip. Ayoko lang ibahagi sa iba yung problema ko. Problema ko, problema ko.
Respondent 2	Depends on the pain. If pain na physical, tulad ng regla, mag cocompress, mga ways na mawala yung pain sa puson. Tapos if emotional pain, I could distract myself, and I could also deal with it like journal, or I can dance with it. It depends on what the problem is. If I can change it, I will solve it. But if it's out of my control, I will simply deal with it until the pain dissolves.
Respondent 3	If I feel for pain physically, if I can still tolerate the pain, I will do it I cannot tolerate it I will drink medicine. So that's the pain physically. For emotional pain, if possible, I will cry, cry, cry. That's the way I can release my pain yes. And pray, pray tonight.
Respondent 4	Stretching kapag physical. Kapag emotional, siyempre iyak.

Respondent 5	<p>Rage. When I'm in pain it's either I'm in a state of rage or melancholy. Yung dalawang yun talaga. I feel those two at the start of dealing with my pain. I cry. I cry to release. I try to write about what I'm feeling to release the pain. I'm still in the process of acknowledging the pain first. For me it always starts with resistance. One thing na dapat kong ma-practice is to acknowledge the pain, to go through it, and to release the emotions, and be thankful for the emotions, when I'm feeling them and when they have passed. Yun yung ideal na process ko for dealing with pain but now there's a lot of resistance. I just cry and... get sad.</p>
Respondent 6	<p>Wala talaga raramdamin mo siya. Totoo yung acknowledge it, go through it. As in wag mo siyang tatakasan. You cry it out, ramdamin mo siya pag masakit talaga. Ako most of the pain that i'm experiencing is pain from loss. So pag nararamdaman ko siya hindi ko siya iniwasan, iniyak ko talaga siya. Hanggang sa maging okay ulit. Kasi yung grief hindi siya linear thing na pag tapos na yung one month okay na. Forever daw yun talaga.</p> <p>F: What is grief if not love persevering.</p> <p>Oo eh, love persevering. Wala ka nang magawa eh. Pero you care for the person eh and that's grief. Ang ganda ng when you put grief in that way, medyo gumagaan din siya. Na it's not just about loss. But it's actually a manifestation of your love for somebody no longer there whether they died or wala nalang sa buhay mo. Ayun.</p>
Respondent 7	<p>Pinapractice ko yung philosophy. Yung stoicism. Halimbawa yung pagkamatay ni mama, sinasabi ko na you cannot prevent for things to happen. Maybe you will be sad. Ang panglaban ko dun yung realidad that you cannot prevent it. Everything must happen. Like death, pain, and sadness. I'm the master of avoidance. Ina-avoid ko yung what will bring pain. Halimbawa ikaw, toxic kang tao, instead of arguing with you or staying, you accept and leave. Acceptance talaga eh. Halimbawa magpapabunot ka ng ipin masakit yun eh. Anong gagawin mo pag sumakit pa? Isahan nalang tanggapin ko na. Accept and avoid. Get rid of any pain.</p> <p>F: Accept pain in order to avoid being in pain for a longer period of time.</p> <p>Correct. May pain na nandun na eh, hindi siya ma-avoid. Acceptance and avoiding. Or if hindi mo siya ma-avoid, acceptance nalang.</p>
Respondent 8	<p>Ina-isolate ko yung sarili ko. Tapos katulad ng sinabi ko research sa online. Kahit ikaw close friend ko, minsan yung moment na yun hindi ako komportable o pagod ako i-share sa'yo. Either anonymous o ako nalang magisa, ididistract ko yung sarili ko, manonood ako, o magmessage ako sa reddit anonymously. Nanonood ako o nagd'drawing ako.</p>

	<p>F: Pagtapos mo i-distract yung sarili mo, meron ka bang after nun? Pinaprocess mo ba kung ano yung naramdaman mo? O pag nadistract mo na yung sarili mot as tapos mo na siya isipin, wala na?</p> <p>Oo minsan napa-process ko. Pero minsan kasi nakaka-stress din kaya ididistract ko nanaman yung sarili ko. Tas mamaya ipa-process ko nanaman yung nangyayari.</p> <p>F: so in and out?</p> <p>Yeah.</p>
19. What makes you angry? How do you express your anger?	
Respondent 1	Siguro kapag makulit. Yung ayaw makinig. Yung sinabihan mo na pero ginagawa pa rin. I express by shouting. Pinapagalitan ko.
Respondent 2	A lot. Many things. You know me. Many things make me angry. Like making me work when I don't like it. I'm angry. I can't list. But a lot of things. I stomp a lot. Nag dadabog ako, anything that I can do. Pero hindi ako nagsisira. As long as alam kong hindi siya masisira sa gagawin ko ginagawa ko hahahah. Yeah.
Respondent 3	<p>If I am really disappointed of the things that others have done I feel angry if they have not met my expectation let us say I instructed this way and it did not do that way, I feel angry.</p> <p>F: how do you express that?</p> <p>It could be in a loud voice, "WHY DID YOU DO THAT?" And then ask the reason why.</p> <p>F: in a loud voice?</p> <p>Yes.</p>
Respondent 4	I do not get angry. AY. One time na galit ako nung about kay Ate Shayk, yung dadalin yung urn kay ano. Nagalit ako nga kasi pinagtatalunan na kung kanino ibibigay yung urn, tas sumasabat pa si dadi na okay lang daw kaila ano. Dun nagalit na ako na, hindi nga! Tas hinimas na ako ni Ate Ann tas dun na ako nakalma. Very rare siya sa akin kasi lagi ako nag gigive way. So as much as possible, hindi ako nagagalit. Since optimistic ako hindi ko practice maisip na, galit ako. Hindi ko rin siguro napapansin na nagalit na pala ako kasi hindi ako nag d'dwell on anger. Feeling ko pag nagalit ako gagawin ko siya pero babawiin ko rin. Nababawian siya agad ng nakakatawa or optimistic kasi naisip ko na hindi ikaw yan pag nagdabog ka o nagalit ka.

Respondent 5	<p>OMG. I was going to say a lot of things make me angry like G. You know like we're both volcanoes dito sa bahay. Kami yung sumpungin, may topak kasi kami yung pinaka-sensitive. I think ngayon ang naiisip ko what makes me irritated lang. Kapag si D naglalagay ng mga hinugasan sa lababo tapos yung mga plato parang nakapantakip hindi nakababad. Ayoko yung feeling na naiinvalidate yung sinasabi ko o nababalewala. What makes me angry is... myself. I do shit things and I get angry. I'm a passive aggressive person so when I'm angry I just let it pass. But I don't want to be that anymore. My insecurities makes me angry about myself. It's always angry towards me, not others. I get irritated lang and annoyed with other people. But I don't get angry. I think there's more rage and feelings inside me that makes me feel that way. And what makes it more explosive in a way. Parang ako yung dahilan. Feeling ko pag may nagkakalat sa highway. Yung may biglang nagtatapon sa bintana. Naiinis ako sa ganun. Siyaka yung pag sa multi-cab pag may sasakay tas ayaw umusog ng mga nakaupo. Tuloy nag aadjust yung pumasok tas onting pwet niya lang yung nakaupo. Naiinis ako sa ganun like "Umusog kayo!". Pag ako sa ganun umuusog ako. Tapos naiinis ako pag may gumagalaw ng gamit ko. Kapag may iniwan ako sa lugar na 'to tas tinabi nito, tas di ko na alam kung nasaan naiinis ako sa ganun. Naiinis hindi nagagalit. Siguro darating lang sa point na nagagalit na ako kapag feeling ko na invalidate na ako o kapag inaabuso ako. Pero other than that may maliliit na bagay na hindi naman ako nagagalit, nairita lang ako. Dati sobrang passive aggressive ko pero ngayon since hindi naman na ako Malala magalit since nakokontrol ko na yung sarili ko, I feel na kapag nagalit ako dapat i-express ko siya, i-communicate ko siya. I-acknowledge ko siya like "I'm angry right now, and I don't want to go through this conversation." "I feel angry". Yun nga yung nasabi ni ate. I feel like sakanya ko na-adapt yung ganitong thought. Kailangan ko siya i-acknowledge not in a rude way but in a way na it still acknowledges my needs as a person to feel things.</p>
Respondent 6	<p>Malaking trigger sa akin yung pag sinasabihin ako na "Oh, bakit ka galit?". Kahit hindi ako galit, mas nagagalit ako pag sinabihan ako ng ganun. Lumaki rin kasi ako na mataas boses sa akin lagi, so na adapt ko yun. Tinatry ko lagi not to do it. Pero hindi ko pa rin yun maiwasan. So mataas boses ko pero hindi ako galit. Pero pag nasabihan ako ng trigger word ko, the next thing that I would feel is talagang nagagalit talaga ako. Sumisigaw na talaga ako at siyaka masakit ako magsalita pag nagalit ako. Ina-acknowledge ko rin pag galit na ako, "oo ngayon galit na ako ngayon, kanina hindi eh". Yun yung madalas kong naririnig sa sarili ko. Siyaka pag na trigger ako ng galit grabe. As in parang sasabog ako internally. Pag ganun iniyyak ko talaga sinisigaw ko talaga.</p>
Respondent 7	<p>Nag eexpress ako objectively. Hindi kita iinsultuhin, "di tama yung ginawa mo e, inunahan mo ako sa pila eh". Naiinterpret minsan yung pagsigaw mo as something insulting kahit na objective. Pag na-violate yung rights ko.</p>

	<p>Pagka na muni muni mo na mali yung ganun na nagrereact ka pwede mo pa mapalampas. Kaya nga lang pag bumalik nanaman yung pag na caught in the act ka nanaman na ganun, nako lagot ka sakín. Hirap ako magverbalize ng sorry kasi feeling ko, ikaw dapat mag sorry sa akin eh. Pag hindi ako nakapaghanda mentally, tapos sudden bugso, yun yung iniawasan. Pagsisihan mo talaga. You cannot violate my right. I don't want to be violated. Yung pag protect ko sa rights ko, minsan, ang pag violate ng kaniyang rights. Yung sa LRT, alam ko tinutulak ako, "bakít moa ko tinutulak? Edi tututlak rin kita" just to protect myself. Natulak ko na rin siya kahit na protection ko lang yun sa sarili ko. When you try to protect your right hindi pwedeng yung kabila by protecting your right viviolate mo siya. Pag ganun, I need to control. Or lilipat ako ng lugar para hindi ako ma-push. Kasi yung defense ko, yun ang offense ko. Minsan hindi ko narerealize na unintentional. Pag nagalit na ako, all actions are irrational. All actions are meant to harm, hindi na protect.</p>
Respondent 8	<p>Yung inuutusan ako paulit-ulilit. Yung hindi ako naiintindihan. Yung sila tinatry ko intindihin pero sila hindi sila nag aalign sa ganun. "Oo naiintindihan kita", pero, "hindi mo ako naiintindihan!"</p> <p>F: so nagagalit ka pag hindi ka iniintindi, hindi sa pag hindi ka naiintindihan?</p> <p>Huh?</p> <p>F: Pag hindi ka iniintindi, ayun yung sinabi mo sa akin, kung saan ka nagagalit, tas sabihin ko lang, "ah okay". Hindi ka iniintindi kasi parang walang pake.</p> <p>F: kasi meron talagang times na hindi talaga tayo maiintindihan ng ibang tao. Ang pagkakaintindi ko sa pagkakasabi mo, yung hindi ka iniintindi.</p> <p>Ah hindi ako biinibigyang time na intindihin samantalang <i>ako</i> naintindihan ko sila.</p> <p>F: Kasi kahit naman, kunwari hindi kita naintindihan, pero iniintindi ko kung ano yung gusto mo iparating. Gets mo na? So mas gusto mo na iniintindi ka, kaysa sa iniawan ka lang na hindi ka naintindihan.</p> <p>More on inaano nila yung ego nila na, ito yung side ko ratatata, ito yung side ko ratataa.</p>
20. When you think about death/dying, what comes into your mind?	
Respondent 1	<p>The end of my life. The end. I visualize it happy and contented of the life I have lived. Yun. And no regrets. Sana nalang matapos ko yung One Piece bago ako mamatay.</p>

Respondent 2	<p>Eternal peace. Hahahaha. That's it darling. Kasi diba si Ate Shayk laging inaano sa akin na ako si Lola Dela. Tapos siyempre nagbasa na ako ng libro ni Sadhguru yung "Death" nabasa ko na yun ng buo. Dun kasi sinasabi niya nabubuhay ka lang ulit. Hindi nila yung aim na heaven tulad sa Christians. But to be one with the source. Hindi to be reborn kasi nga if hindi ka pa as pure or as whatever nung source, marereborn at marereborn ka lang ulit kasi nga life is suffering. So ako, I wanna live only once really. Kaya yun yung iniisip ko na parang, what if ako nga si Lola Dela. Diba? What if totoo? Di ko naman pinapaniwalaan 100% pero side thought lang kumbaga. Na kung mamatay ako, paano kung ipanganak lang ako ulit? So kung nagawa ko naman na lahat ng gusto kong gawin nung buhay ako edi thank you lord. Amen. But if it's the death of your loved ones, siyempre dun ako mahihirapan, dun ka magkakaroon ng grief. Kasi yung presence nila yung mamimiss mo at syempre sila. Tsaka minsan iniisip ko yung science concept na small blue dot planet in the whole wide space. Na if ganun kaliit yung earth, gaano ka pa kaliit. Speck of dust nga lang yung lifetime mo. So, if tinitignan mo siya sa ganung lens na mas malaki, iniisip mo, "mamamatay din naman ako eh". So it makes, kung ano yung problema mo that day, malalagpasan mo din naman yan, mamamatay ka rin naman. Diba kasi hindi ka naman eternal. Di ka naman diyos o bampira. Ayun.</p>
Respondent 3	<p>We will go there. That's our destiny, dying. We live, we were born, we live and you will die. I just pray if that would be the time, I am ready for it. And my family are ready to accept it. Because most of the times acceptance is difficult.</p>
Respondent 4	<p>Hindi siya scary. Pero ayokong may mamatay sa atin. Pero kung ako okay lang. *cries* Pag nag kwento si mama na okay na daw siya mamatay ng 60/70. Binabawian ko siya agad, na pag ako unang mamatay. Siyempre ma di-divert sakanya. Na ikaw anong mararamdaman mo kung ako ang mauna? Kaya ayun. Bat ka gagawa ng buhay kung babawiin mo rin naman. Kung sa family dun ako natatakot.</p>
Respondent 5	<p>Sadhguru agad naisip ko. Kasi may shine na libro si grace sa akin, "Death" ni Sadhguru. Hindi ko pa rin siya tapos basahin kahit na ilang beses ko na siya paulit ulit ko na binabasa. When I think of death and dying I think of the universe. Like, I think of being one with the universe. I think that's the most heavenly thing to happen after I die. To be one with the cosmos. That's so sweet! I love the idea of being stardust and being one with everything. I'm not afraid of dying. Actually some days I'm so happy, so content, so content, so fulfilled, I feel like i've lived the best days of my life and im ready to die. I'm always ready to die. But, it's easy to think the death of me. But in thinking of the death of my loved ones, it's painful. Kasi yung grief nadun. It's one of the human experiences that we all go through. Because death is the only certain prophecy. We're all going to die! And I haven't lost</p>

	<p>a really close someone. But everytime I imagine losing them, I get teary. I can't imagine a life without them. How will my life go, turn out, will live my days, spend my time without these people. I will always come back to that quote na na-share ko rin kay ate, "what is grief if not love persevering". I think if ever I come to experience the time when death of a certain love one happen to me, I will cry and be thankful and keep them living inside my memories. Like how I do always with ate shayk, most days especially when I pray. Even though there's sadness, grief, loss, I think i'm always open to celebrating their lives more than grieving it. I just need to value the time that I have with my loved ones while they're still here.</p>
Respondent 6	<p>How can I make the most out of the remaining time? Paano kayo magkakaroon ng quality time na hindi wasted yung time together. The more you get you know yourself. Sa movies diba biglang gusto na nila lahat ng gusto nilang gawin. Hindi mo na kailangang hintayin kung kailan ka mamamatay or mabigyan ka ng information na mamamatay ka na bago mo gawin yun. Living in the moment, doing the things you want, taking the risk, kasi at the end of the day. Sabi nga nung kanta, cause we're all gonna die, tententen to dandelions". Ang ganda kaya. Gusto ko yun, we're all eating up each other. Tootoo siya talaga eh, mamamatay ka rin eh. Kaya hindi na ako takot to say things and live life the way I want to kasi mamamatay ka rin eh. Yun. Yun yung I think good gift na nabigay sa akin ng pagkamatay ni ate. Na mamamatay din talaga tayo. Alam ko namang may remaining time ako eh, hindi mo masabi kung marami, hindi mo rin masabi kung onti kasi hindi mo alam eh. So, how do you make the most out of your time. Babalansehin mo yun. Siyaka make sure yung others mo, ay yung mga taong pinapahalagahan mo talaga. Halimbawa ako pag may inooverthink ako na "galit ba 'to sa akin". Nagiging tanong na sa utak ko, ang nag aarise lagi, "ano ba ambag niyan sa buhay ko?". Kung wala, oh why bother? Kung pamilya ko siya, kaibigan ko siya. May mga selected tao lang na who matters to me. Who matters to you? My friends na I know who cares for me. Pag halimbawa na chummy chummy naman kami tas biglang hindi mamamansin, usually workmate talaga. Sa'yo kasi classmates. Pero isa sa biggest lesson is "don't give someone the ability to bother your focus or assurance". Kasi parang ang laking part of yourself yung binibigay mo sakanila, samantalang sila wala silang pakialam sa'yo. So ang tanong ko talaga lagi, ano bang ambag nito sa buhay ko? Kung wala siyang ambag, edit tago mo yang story mo sa akin wala akong pake. Why bother? Sayang life. Sinasabi ko yun sa mga kaibigan ko, "ayokong pagusapan yan sayang yung energy ko no, sayang memory space ko ganyan".</p>
Respondent 7	<p>Nagkakaroon ako ng weird feeling about death. Ano kayang feeling ng mamatay? Iniimagine ko para akong nag'travel sa ibang planeta. Nakikita mo na yung universe. Mapupunta na ako sa multiverse. Pag iniisip mo na yung praktikal, nakakatakot din. Mamamatay ka bas a sakit, aksidente? Hindi mo alam di ba? Ano yung experience ng dying. Pero nung na-observe</p>

	<p>kong mamatay si lolo, para siyang peaceful talaga. Hawak-hawak ko siyang namamatay, para siyang isda pat. Ang feeling ko dun, hindi nakakatakot mamatay. Kasi namatay si Lolo ng peaceful. Kasi walang resistance. Physically hindi niya na kaya magresist. Bago siya mamatay sinabi niya kay god, “patawarin mo ako”. There is surrender to death and god. Ibig sabihin okay na ako, tanggap ko na mamamatay na ako. Yun ang magbibigay sayo ng calm and acceptance. Hindi naman siguro 100% pero, definitely lahat ng acceptance will erase the pain. Yun siguro ang nangyari sa mga martyr. Sa act of surrender na na-numb niya lahat. Kasi nagsisimula siya sa mind mo. Base on study, the mind can really direct the physical. Pagka nadirect niya na yung physical, baka na-numb niya na yung pain. Si christ, nakapako na siya pero nacontrol niya yung pain. Kaya nung namatay siya very peaceful, gusto ko yung ganun. Yung thought ko nap ag mamatay ka na inoobserve mo yung consciousness mo na, “mawawala na ako, mawawala na ako” yung ganun. Palagay ko yung mga nag yo-yoga yung mga nagmemeditation, sila yung mga ready kasi naoobserve nila yung consciousness nila, not only external but yung internal nila.</p>
Respondent 8	<p>Diba nga meron akong inferiority complex. Lagi kong inaano ‘to, kunwari may mamamatay, tas sa aming tatlong magkakapatid, iniisip ko na mas ok na ako yung mamamatay kasi iniisip ko mas macontribute sila kuya kumpara sa akin na wala pang nacontribute gaano. Ako din yung tipo ng tao na nagtake ng psychology na course pero wala ako nakikitaang mali sa suicide which is mali yun. I never think na suicide is bad. Pero di naman ako magt’take ng suicide wag ka magalala. Yun nga ako nalang. Ayaw ko yung masakit naman. Yun lang. Ang bagal ng interviewer natin!</p>
21. What’s the biggest change you’ve been through lately?	
Respondent 1	<p>Basta huwag kang papa-apekto sa iniisip ng iba. Parang dati gusto mo ma-please yung mga tao pero ngayon bahala na sila. Buhay niyo yan buhay ko ‘to.</p>
Respondent 2	<p>Sa work. I feel like a big big girl now. I feel like I’ve grown too much. I’ve been more like responsible. Pero yung inner-child in me is saying, “I’m too young to feel this old”. Yeah yun yung internal monologue ko. Kasi from research analyst na search search ka lang sa web, pero pagkalipat ko bigger responsibilities na. Nag invoice ako, nag rerespond ako sa client, nagrerrespond ako sa account manager. Nung Nawala si K yun yung naramdaman ko talaga kasi si Kim yung big girl. Yung big sis ko sa team, lalo na sa AR. Edi ako na. Akon a yung parang naging big girl na napagiwanan ng mga trabaho bigla. So, ayun. Dami ko na agad biglang trabaho pero di ako tinaasan ng sahod. Initindihin ko nalang yung sitwasyon. Meron akong nakita sa IG, poet siya na barista sa US ata tas medyo matanda na siya na black na lalaki. Tapos yung pinaka memorable na sinabi niya dun (sa reel) “<i>you must teach people how to treat you</i>”. It’s a risk telling her (boss) how I feel ngayong taon pero if I won’t tell her she will keep the same</p>

	<p>mistakes that I think is a mistake. Unless, i-bring it up ko sa kanya. Isang taon palang ako, tapos tatlong taon na si Kim sa CS. How short yung time period yung time ko for her to tell me na magiging ako siya. Dun ako nagkaroon ng pressure ng burden. Na fuck hindi ko matutumbasan yun na worth of years in working sa CS. Kaya taking it one day at a time. Pero ayun nga nakakainis pala yung nagtatanong ng nagtatanong tas gusto mo lang magtrabaho. Ang ayoko lang yung hindi ko alam yung gagawin ko. Yung uncertainty of work. Gusto ko alam ko kung paano ko gagawin ang mga bagay bagay kasi mas mabilis ako makakapagwork.</p>
Respondent 3	<p>Biggest change I realize in terms of work napanaginipan ko kanina, I cannot lose my job right now. I will not resign because I leave it financially it makes me happy having financial freedom, having my earning as to provide, having my earning to keep good life having my earning to sustain our needs. So, I was very rebellious to my boss during our one on the one and I'm very thankful that his patient and he understood me and he tried to help me. But I'm just overreacting, but I know I can still handle my job now. That's also one of my change of mind. And in terms of decision, I know. I believe that God knows once in my heart that I am a good person. All I want is for the good of all, not only for one. And that's my mission, especially 2024, to put things in proper order. And I'm still praying. I pray that that person would have the humility. Because as of now, I'm not seeing my brother in him because of his arrogance, being proud, being greedy. That's very frustrating. He doesn't recognize us as his siblings. So, I want the younger person of that person that is very submissive to me. He clings on me, he followed me, and most of it he has respect. Na ngayon wala. That's what I am thinking on how I can put things in proper order. That's it. Next.</p>
Respondent 4	<p>Una sa journal. Yun yung naging goal ko. Pero ang galing rin, kaya ko isulat yung 5 days sa isa lang na sulatan. Ngayon nag pagupit ako ng buhok.</p>
Respondent 5	<p>The biggest change was my injury. The injury has opened up things on how I react to things, how I acknowledge my needs, how I allow myself of guiltless dependence on others, and healing. It was the biggest change because I was really affected emotionally, physically, everything. I've become more gentle, or at least i'm still learning to be tender with myself, my thoughts, and actions. From my injury, the biggest change rin was my mindset. I feel like I'm more open to learning and understanding what I want, following through my curiosities other than doing things just to pass.</p>
Respondent 6	<p>Yun nga daming nawala eh. Ang dami my god! Diba nawala si Ate, nawala yung best friends ko, lovelife ko nawala, e disidido na ako kay Pat diba? Yung pillars ko, nabuwag lahat. Siyempre bukod sa family diba. But like yung pillars talaga. Nabuwag sila. Natutunan ko na parang, you'll never</p>

	know what life will throw at you. All you can do is make sure you just go through it and survive. Pag di mo na kinaya edi sorry nalang.
Respondent 7	Hindi na ako nadadala sa external rewards. Although I want to be recognized and acknowledged. We're just human. Yung accomplishing is something na you are capable of doing it, or siguro may use, or you're interested or like doing it. Biggest change is you're not anymore expecting. Before lahat ng movement ko, or action laging merong, "what's in it for me". Meron pa rin ngayon pero nabawasan na. Ngayon I will achieve, not because of recognition but I want to pursue it, kasi it's productive, something I can enjoy. Hindi na yung "ah pag naging ganito ako somebody will recognize me", "ayun yung mga achievement ko wag mo akong "lang"-langin lang". Pero ngayon wala ng ganun. Yung productivity ko is simply because I will be productive. Meron akong ma-aachieve kasi magiging productive ako dun. And by being productive merong magiging self-actualization, self-realization. But not for anybody.
Respondent 8	<p>Feeling ko yung curiosity to learn <i>more</i>. Ngayon ang dami ko ng gustong gawin. Na dumating sa point na wala na akong oras para doon. "hala kailangan ko ng matutunan yung... bago mag 4th year para ma ano ako sa board exam". "hala gusto ko rin matutunan mag drawing para pag 60s ako gawa ako webtoon". Ang dami kong gusto matutunan. Gusto ko matuto pero wala akong ginagawa para matuto.</p> <p>F: hindi ko gets! Paano siya naging change?</p> <p>Dati never ko naiisip "kailangan ko madaming alamin, kung pwede naman mamuhay lang ako ng ganito".</p> <p>F: ano yung mga bagay na gusto mong matutunan na natutunan mo ngayon.</p> <p>Yung nonverbal communication. Novice palang ako pero nabasa ko na yung libro ng buo! Yung nonverbal by Joe Navarro. Dapat lagi kang aware sa surroundings mo.</p>
22. How do you measure success and failure?	
Respondent 1	I measure success through happiness. If you're happy with what you are doing, then you are successful. Then failure through... ano nga ba. I measure failure through...fear. Kapag naunahan ka ng fear mo siyempre hindi ka na makakagwa ng mga bagay na gusto mong gawin. Mag-hihinder na yun sa lahat kaya mag ca-cause na hindi ka 100% diba.
Respondent 2	Success is kapag masaya ako. Success is kapag nakuha mo yung gusto mo tapos masaya ka. May mga bagay kasi na pag nakuha mo akala mo magiging masaya ka, pero hindi pala. Parang wala lang. Tapos yung failure para sa akin kapag pinagsisihan ko na ginawa ko or hindi ko ginawa. It's my failure.

	<p>Or kapag pangit yung luto ko it's a fail hahahah. It's a passable fail. Yun kapag hindi ka nag go towards the things that you want.</p> <p>Both present and future. Yung happy na based on satisfaction ah, hindi yung emotion. Kasi pwede akong maging happy kain lang ako ng cake happy na ako.</p> <p>Siyempre little things yun. Iba yung life happening. If either change ng career or pag pursue ko ng dance. Sa gravity ka lang titingin.</p>
Respondent 3	Success. If I got what I've expected. So that's already my success. And failure if it didn't become the way I want it to be, that's failure.
Respondent 4	Failure ko kapag minsan hindi ako Madali maka-recognize ng scenario. Kumbaga kailangan mo pa sabihin sakín para marealize ko nay un na pala yung nangayari. Hindi ako marunong mag read between the lines. Success siguro nung bumili ako ng sarili kong cellphone. First time kong bumili ng cellphone na para sa akin kahit na 2 years to pay pa siya. Success kapag nabibigay ko yung gusto niyo kasi may pera or time ako.
Respondent 5	For me success is when I grew/grow. Mentally, emotionally, spiritually as a human being. When I evolve. When I get my needs and desires satisfied. 'Yun na yung success para sa akin. Failure is pag nagpadala ako sa fears ko. Kapag naging mas malakas yung boses ng takot kaysa sa kung ano yung gusto kong gawin. Or if, hindi ko na fulfill yung intentions ko for something. Yung sa film namin I still feel na it's a failure. First kasi hindi ko naffullfill yung vision ko para doon. Yung vision ko hindi siya nagtranslate into the film, naging iba yung kinalabasan. Second, hindi ako nasatisfy kasi nga hindi ko na fulfill yung vision ko. Connection lang siya. But you know in failure rin naman we learn. So mas magiging malawak pa yung measurement ko ng failure in the future kasi mas marami ako ma-eexperience pero, we grow which is also a success no? Grabe konek konek.
Respondent 6	Wala akong idea of success. Success for me is a life well-lived. Again babalik dun sa quality of life you have meaning quality of time you have with your family. Did you do the risks or things you want to do? Success is quality time with the people I love. Success is not about career, my dreams. Success is for me pag may napapatawa akong tao, when somebody is able to share something na mabigat sakanila tapos na rereleviate sila after. Failure. Hindi na din kasi ako takot magkamali kasi at the end of the day, diba nga sabi ni Yvie oddly, "Fail as much as you can". Kasi andami mong matututunan. Failure is lesson in disguise. Malalaman mo na mali yun. Next question is, how do you do it differently next time. How do you measure failure, it's how you do it differently after. Yun yung dapat measure mo kasi sarili mo lang lagi kalaban mo dun. Hindi sa "eh siya nga hindi siya nagkamali eh", ikaw lang. Ikaw lang kalaban mo.

Respondent 7	Bitter ako sa failure. Nung bumagsak ako sa doctoral exam. Ayoko na hindi na ako mag t'ry niyan. Bitter. It's not a good feeling to fail. Failure kapag di mo na-achieve kung ano yung purpose mo. Success is just the opposite of that, when you achieve what you intend to do.
Respondent 8	Success is hindi about sa money. Success is nagagawa mo yung gusto mo. Hindi ko tinake yung Psychology kasi "ay gusto ko tumulong sa ibang tao". Hindi ko ginawa para sa ibang tao pero dahil gusto ko yung ginagawa ko. Yun yung success sa akin. Magawa ko yung pagiging psychologist, tas kunwari mag retire ako magdrawing ako ng web comic. Kasi yun yung dream ko e yung dalawang yun. Yun na yung success para sa akin. Makagawa ako ng webtoon, art, illustrator ako. Pati maging psychologist. SPED, clinical. Ano ba tong interview na 'to parang nakikilala mo na ako binubuksan mo na ako. Feeling ko mag reregret ako pag either sakanilang dalawa hindi ko magawa. Yun ang failure sa akin. Pero same time success din yung, kasi diba naano ko na sa sarili ko na, feeling ko sa akin si mama at si papa paglaki. Gusto ko ma ano din yung dream nila. Yung normal na pamumuhay. Gusto kasi nila mavisit yung Jerusalem.
23. How do you compose yourself when you're riddled with uncertainty/anxiety?	
Respondent 1	I compose myself through being strong and telling myself that... I can do this.
Respondent 2	Distraction or rest. Kailangan ko matulog o maligo. O kakanta ako o music. Any form of entertainment. Nakakarelease ng stress. Movement actually. Either body or breath. Kasi dun tayo nagkakaroon ng block.
Respondent 3	I have to be professional. I have to separate things properly. If I'm stressed at home, I should not be bringing that stress at work. If I am stressed at work, I usually tell a story that I'm stressed at work. Hahahahaha. I always tell what's happening in the office! I share yung stress ko sa work sa bahay so that you know that something happened diba. F: Pag kinakabahan ka kay ___ ano ginawa mo? Hindi ako pumapasok sa kuwarto niya. I'm waiting for him to call me. I'm not greeting him. I'm not doing anything.
Respondent 4	Breathe. Siyaka think of positive and optimistic things.
Respondent 5	Last time nung nag tedtalk kami sa EXCOMP that's last NOV 2023. I was a bit scared because I wasn't used to speaking in front of a lot of people since puro online nga ako ngayong college, hindi ako sanay. But since I practiced what i'm going to say many times before the activity, I pulled it. Laging may nerves ka na mararamdaman before something big or something different/unusual/unfamiliar happens. So, I was doing this 4-7-8 breathwork

	practice. Which is inhale for 4 seconds, hold the breath for 7 sec, and exhale for 8 sec. Narela ako dun. At siyaka I like my fit. It's really important rin to dress and style myself how I want. Kasi it adds up to the confidence that I have in presenting myself to others. So yeah, breathwork and style.
Respondent 6	Mamatay din tayo lahat hahah. In general life is uncertain. Wala ka naman talagang alam e, wala kang alam! Anxiety. Oo madalas may ganun overthinking and all. But we're all gonna die. Diba sabi din ni Raja, "cause we're all going to die!". Totoo talaga siya eh! Morbid siya sa iba pero yun talaga yung end nating lahat. So, yes mararamdaman mo yung anxiety, but death brings you that reminder na, tangina anong wino-worry mo diyan mamamatay ka din. So, gawin mo nalang.
Respondent 7	Kasi halimbawa biglaan. May namatay na kamag-anak mo, mahal mo sa buhay, biglaan yun eh. Ganun eh. Para kang sinuntok ng biglaan e, so paano mo ma-cocompose ang sarili mo? Acceptance e diba. Matutulala ka talaga e. Nangyari na ba 'to o nangyayari ba 'to? Di ka makapaniwala na it's there. Minsan matutulala ka, pero kailangan mo ng somebody to assist. Kung wala, ikaw mismo sa sarili mo alam mo yung nangyayari. Presence of mind. Dun mo macocontrol yung nangyayari. Kapag naunahan ka ng galit, magrereact ka nun. O may sunog, earthquake. Yun yung mga insidente. Ito real experience ko, Mount Pinatubo 1990 kakain ko lang, tas shinake ang maynila. Talo pa ang intensity 7. Nung time na yun, hindi ko maintindihan what gave me composure. Siguro meron akong trauma doon. Kasi nararamdaman ko yung fear. Pero maganda na narerecognize mo yung past na nangyari and why you are feeling that way. Nakokonek mo siya. Doon mo nahahandle yung fear at trauma. Bakit nung time na yun na manage ko pa yung mga estudyante, "labas na kayo". Sila pa una kong pinalabas. Kalmado ako. Na feel ko sa sarili ko na alam ko yung ginagawa ko. Siguro kasi ako yung teacher, may responsibility ako na i-protect sila. So, ibig sabihin ko dyan, yung awareness eh. Palagay ko kasi it's not something human na maging calm ka at that particular point in your life. Kasi parang delubyo na talaga e, shinake kami 2 floors lang e.
Respondent 8	Pag ganyan. Dinidistract ko yung sarili ko. Pag kinakabahan ako ginagawa ko, titigil ko, tatapusin ko tong part na 'to tapos babasa ako ng isang chapter ng webtoon. Yung mind ko napupunta na sa iba. Imbis na naano sa defense, ay tinapos ko na tong part na to sa research, makakapagbasa ako ng web comic "hala ano na kayang mangyayari dun". Na didivert yung anxiety ko kasi napupunta sa pagka excited ko sa webtoon.
24. In what ways do you connect with your surroundings (people/nature/places/etc.)?	
Respondent 1	Di ko alam eh. Socializing. Be friendly. Opening conversations that people might be interested. Nag-oobserve muna ako, tignan ko kung ano yung mga makaka-vibe ko na tao. Tas simula nun pag alam ko na, yun sila yung i-

	aapproach ko. Sa nature siguro kapag nag-bebeach siguro tayo. Ayun, I appreciate the beauty of nature.
Respondent 2	By using your five senses. O kaya ilayo mo yung attention mo sa mga gadget. Tapos headset tanggalin. Naniniwala rin ako na people are putting more attention sa mga ganito. Na hindi mo napapansin na casino. Casino talaga ang mga social media, mga shopping, hindi mo napapansin na ilang oras ka na nagtitingin.
Respondent 3	Interact. How can you connect if you're not interacting? Right? So I have to interact. Interact with person, talk with a person, communicate. In terms of surroundings, you have to appreciate the beauty of the place. If you're staying for that place, if you slept in that place before going out, leaving the place you say thank you. Thank you for the night. Thank you for the good sleep. Thank you for the place. Thank you.
Respondent 4	Kapag actions and communication. Yung plastic dito sa bahay, yung pag zero waste na kaya naman pero mahirap pala. Pag na-appreciate ko yung sunset, sunrise, stars.
Respondent 5	Communication and action and stillness. Kapag people makikipag connect ka through interaction through communication because that's the most efficient way to communicate what you want to say and to connect. And to share rin like in social media, it's one of the ways you can initiate a conversation. For nature, I connect it through protecting it. I think that's the most important kasi nung time na nag zambales kami last year nung hindi maganda yung pakiramdam ko, nakapagpakawala kami ng mga baby pawikan. And yeah participating in those kinds of activities. Or just surrounding myself with nature at wala akong hawak na phone, naka put lang yung attention ko to it. When I take time to notice and pay attention to the surroundings is when I connect to it. Places naman when I interact rin. When I get involved.
Respondent 6	Sa'yo ko siya natutunan actually. Even the little things of the surroundings meron akong Bella moment, vampire moment. Biglang nag ha'hyper-focus sa mga bagay na ang ganda ng nun, ang ganda ng tunog, ang ganda ng ano. And mostly pag surrounded ka na ng nature mas mararamdaman mo siya. Nag iiba yung reaction/feeling ng katawan mo when you're close to nature. So, pag nag t'travel, may napupuntahang bagong place, or as simple as pag naglalakad. Yung tunog, ilaw. Ganun.
Respondent 7	Siyempre by recognizing yung creature that they are existing. Like pag aalaga natin ng mga aso, o pakikitungo sa kapwa tao. They exist. Nandydyan sila. Pero minsan, kahit gusto mo mabatiin pero minsan naisip mo rin may iba silang mundo.

Respondent 8	Sa nature kasi pag naglalakad ako mag isa, ang sarap ng hangin, nakaka calm talaga sa atin yung nature. Sa tao naman, pag yung awareness ko talaga. Yung hindi ako nag da'daydreaming habang naglalakad, titignan ko yung tao "ay ganito yung...". Kasi minsan lagi ako nawawala. Awareness at stillness.
25. How do you use the internet?	
Respondent 1	Efficiently. I use the internet everyday. For my studies, for entertainment, for information, for everything that I need to know.
Respondent 2	<p>I use it a lot. I youtube, google, IG. I use the internet for everything like everyone. Go to find some distract and scroll and watch youtube for knowledge, for guidance. Ang hindi ko pa nagagawa is to make something in the internet. Like to post, blog, o vlog. To contribute sa internet. Yun yung hindi ko pa nagagawa intentionally. Pero iba naman yung ganun na well crafted sa story. I want to pero more on for synthesis ng mga gusto mo na nakikita mo rin sa internet. Katulad nito, fashion. It's better than consuming lang. Kumbaga magagawa ka rin ng something for you. Accountability rin for making something. Kasi kunwari pwede ka namang magsulat ng blog pero naka private. Pero bat mo siya i-pupublic para may accountability ka to do it again. It's for yourself first. Second na yung to attract people with the same interest.</p> <p>Sa youtube or parang podcast. Depende kung ano mas madali. Sa youtube kasi all in one na. Kaya ang youtube ang go-to entertainment, knowledge, inspiration, source platform ko. Meron na rin yung community post. If marami kang interests, mas macacapture siya ng video kaysa ng written form.</p>
Respondent 3	I use the internet for are learning. I also use Internet for chismis. What's happening with my favorite artista? Yeah. Then I use Internet most of it for learning. And connecting with other people like Facebook. I feel connected seeing my former classmates having their good life. They were able to achieve their dreams, having good health, and having good family.
Respondent 4	Instagram, Tiktok, Netflix, Kdrama, dictionary. Pag may di ako mainitindihan pag search. Hindi ko siya na use monetary.
Respondent 5	I use the internet for a lot of things. I use it for entertainment, information, communication, and expression. Para sa chismis rin parang sabi ni C hahaha. Pero right now i'm using it for exploring AI tools. Nag spend ako ng time madalas sa pagexplore ng AI tools na makakatulong para sa process ko dito sa thesis. So far so good. Gumagamit rin ako ng internet for self-pleasure. I mean yeah why not diba? For reading e-books, finding events, movies, art, people, anything! Anything that interests me and keeps my curiosity up and going.

Respondent 6	Tik... charet. To work. Pero tiktok talaga yung black hole for me dami kasing nakakatawa. Tiktok talaga my god, kakainin ka ng tiktok. Dami kasing nakakatawang content dun. Iba yung algorithm ng tiktok tailored siya sa'yo kaya siya "for you". Even hindi mataas following nakikita mo out of nowhere, "sinong tao 'to". Ganun siya. Halo-halo kasi sa tiktok eh hindi lang siya, instagram kasi is magandang bagay lang diba. Tiktok kasi may information. Pero at the end of the day 'di mo rin alam kung totoo ba yung information so lalabas ka ng tiktok to confirm kung may ganito ba talagang nangyari. Kasi ang daling gumawa ng tiktok ng ganun. Pero ang gagaling ng mga tao swear. So, internet yun, tiktok. At yun yung mga content ko sa instagram hindi siya about [begging for validation], which is the maling side of social media. You post because you want to share. Whether may mag react or pumansin, kung walang pumansin edi okay lang, nakapag share ka. Yung usage ko of internet is primarily for entertainment, sharing, work, communication, information. Yun na ngayon eh.
Respondent 7	One for chismis. Pero communication in general. Yung mga GC, sa messenger. Pero hindi mo maiiwasan yung makiki-chismis ka e. Ano tong mga kaibigan ko, anong nangyayari na dito? Pero naka 6 months na akong wala sa FB. Nasa groups natin sa FB yung mga announcement, kaya ginamit ko nananaman siya. Minsan naiinis lang ako e, iniinggit niyo lang ako eh. Pero ngayon ko narealizevery powerful nan ga siya sa research.
Respondent 8	Nag AI ako Chat GPT. Ginagamit ko for entertainment, education, sap ag ch'cheat sa chat GPT. "Hala hindi ako nakapag review sa quiz! Copy paste". Lahat kasi nasa internet na. Pag aano ng pdf o ebook. Minsan pag napuputulan kami ng internet, "ma di ko kaya ng walang internet". Kasi yung entertainment yung panood mo nasa internet.
26. What's your favorite emoji?	
Respondent 1	trex 🦖 kasi nakakatawa.
Respondent 2	Smiley face. Yung heart hands o yung heart na tatlo na pink o may sparkle.
Respondent 3	Yung pray.
Respondent 4	Yung kamay na heart. Finger heart, swifty heart, tears of joy, hug.
Respondent 5	🌀. Because cyclical time sabi nga ni sikodiwa. It represents spirituality, creativity, and being for me. And the cosmos.
Respondent 6	👉❤️
Respondent 7	Yung surprise, wow.
Respondent 8	Yung nakatawa. Yung may tears. Yung may tissue. O yung normal na laughing na walang tears.

27. When did you last cry? Why?	
Respondent 1	June. Break up.
Respondent 2	Feeling ko work related yun e. Parang yung pagod. Mga this month. Pressure and ayoko ng trabaho. Basta about work.
Respondent 3	I ALWAYS CRY! I cried last, after the Vika when I visited my mom before going to Dominican. Because that was also the day when we had my birthday celebration. When I treated them in that shabu-shabu in Ayala Manila Bay. I cried because I could no longer be with her on that day. All I can see, touch, is the outside of her vault. Even though I want to embrace the urn, I'm not allowed to do it. It's very frustrating because I let his son... I'm not expecting all of this to happen in her inurnment. So, that's it. But I was able to recover from the fact that, if it's in a tomb, we cannot hold the casket hahahaha. It's just like that.
Respondent 4	Ngayon lang itong interview. Parang mmk itong.
Respondent 5	When we ate at Lime and Basil nung bday ni mama last DEC 2023. I cried because I shared the challenges that I faced. Grieving my body and moving back into it was a tough phase. It was a tough year because of that. But I felt really brave too for being able to connect and express with my family openly and truthfully.
Respondent 6	Nung Tanay, kasi magkakasama kami. Akala talaga namin di na makakasunod si C eh. Kasi may occular siya for an event. Who are you to say na, kapag kaibigan mo, should go out with you, should give you time. Kaya everytime na magyaya kami lumabas tapos magbibigay ng time yung mga tao lalo na si P, madalas kasi busy. And nandun kami lahat, kumpleto. Parang bago kami kumain umiiyak ako kasi sobrang peaceful lang yung trip. Sobrang peaceful lang na andun lahat. Ang bigat kasi talaga nung 2022 friendship na naging sobrang demanding na, at sobrang toxic. At those moments for me, sobrang tinetreasure ko siya. Kaya yun, pag may ganun din ako nararamdaman na ang saya sa feeling, iniyak ko rin siya.
Respondent 7	Hindi ko lang pinapakita sa inyo, pero nagmana si cecil sa akin, mababa ang luha ko. Very emotional ako. Nakakarelate ako sa feelings ng iba pero hindi ko lang pinapakita. Sa isang araw nae express ko. Sa movie ganun. Pag mag isa lang ako ineexpress ko siya. Pero pagka may mga tao, kunwari na puwing lang ako o inaantok diba.
Respondent 8	Omygosh yun nga pala dapat yung ikikwento ko sayo! Mga last week. Kasi diba kinwento ko sa'yo na OSA kami. Binulungan ako ng mga kaklase ko na hindi pa tapos, magsisinungaling dapat. Mas nagalit daw si sir sa pagsagot na "tapos na po". Wala nang sisihan. The next day nun, may feeling ako na galit sila. Feeling ko iba na 'to. Dapat maaga kami lahat para makauwi din

	<p>kami agad, eh kaso nalate ako. Eh never naman sila ganun. Tapos sabi ni J “uy _ ikaw na magdeliver ng letter”. Edi binigay ko na yung letter. Tapos pauwi na kami, bumanat si A “dapat si _ nalang pumunta dito, hindi na tayo lahat, si _ naman yung may kasalanan”. Parang joke lang pero para sa akin iba na. Tapos ayun naiyak ako sa jeep. Nakataklob ako. Kasi naalala ko yung research group nung grade 10. Hindi ako naiyak kay sir, naiyak ako sa groupmates ko. Nung nalaman nila na mahirap pala yung methodology parang sinisisi na nila ako. Naalala ko yun habang naglalakad ako, habang nasa jeep ako, talagang naiyak na ako. Naalala ko yun lagi sa research. Sabi ko hindi ko kukunin yung circle of friends ko as my research group. Ayoko magkaroon ng research group na katropa ko. Ever since nung grade 10. Pero yung naging ka research group ko nung 1st year yun din sa 2nd year. Imbis na dapat research group ko lang sila naging friends ko na rin sila. Kaya naiyak ako, hala ayaw ko na ulit tong mangyari. Ay wala na hindi ko na sila magiging research group the next sem. Edi tinigil ko na yung iyak ko. The next day, kakatapos lang nung exam. Tapos umalis na ako. Hala hindi na ako magiging kagroup nila maghahanap na akong bagong group, inuulit ko yun sa sarili ko. Tas may tumawag na research group ko. Tapos maya-maya inapproach na ako nina A at J, “huy bakit hindi mo kami pinapansin”. Nasa book yun na pag sila ang nag approach sa’yo ibig sabihin walang mali. Iniisip ko hala baka nga it’s all in the mind lang, dahil dun sa nangyari dun sa Grade 10 research group ko. Akala ko ganun ulit. Hala nasa isip ko lang yun. Iniyakan ko kayo sa group. Yung nangyari nung nakaraan siguro nagalit sila sakin hindi dahil sa kay sir genetics kung hindi dahil sa late ako. Pero hindi fully na galit sila sa akin. Feeling ko nasa utak ko lang yung nangyari. Iniyakan ko sila sa jeep bhie! Part rin kasi yun ng group.</p>
28. What’s the sincerest compliment you’ve ever received?	
Respondent 1	Siguro yung sinabing matalino ako.
Respondent 2	Hindi ko alam kung sincere. Kasi hindi ko na maalala masiyado. Ang sabi niya sa story ko ang saya ko raw maging tropa. Natawa ako. Ewan ko. Minsan naman hindi mo masasabi kung bat ka natawa. Nakakatawa eh. Gusto mo pa ng ibang rason.
Respondent 3	That I am a good person. Yesterday it was said by your Tita Susan. That I am a really good person, a really good daughter.
Respondent 4	Maganda daw ang mata ko.
Respondent 5	The compliments that I can remember are noong grade 11. Nasa retreat kami noon and there was this activity na you’re going to say kind words to other batchmates. Most people that I have interacted with in my high school days, maraming beses ko siya natanggap from different people is yung pagka ‘relatable’ ko. ‘Yun yung pinaka-sincere na nabigay sa akin nung mga taong yun. Relatable. I find joy in that kasi I’m glad that I connected to these

	people enough for them to tell me that they relate with me. That's beautiful and I love that.
Respondent 6	Yung kay P, "si S kasi binibigay niyan lahat, all out yan eh. Pero pag napagod yan, pero pag tumigil na siya alam mo nabigay na niya lahat". Yun, I think very sincere yun. And totoo yun eh. Hindi ako tumitigil hanggat di ko pa nabibigay lahat, pero alam ko rin pag nabigay ko na lahat. For me, kasi ang life, I think kasi that's how I want to live life, all out at no regrets kasi nagawa mo na lahat.
Respondent 7	Kasi pag sinabi mong sincerest, you agree that what the person is saying is true. So, whatever is true na sinasabi niya, I would say na sincere siya. So ang sabi ng estudyante sa akin, "Sir is really fair in giving grades". I want as much as I can to be fair to all. Sa akin, compliment siya.
Respondent 8	Yung matalino ako. Never ko siya inexpect. Common sa akin yung sinasabing magaling ako mag drawing. Si mam A sa SOCPYSY public siya nagpapagalitan kaya ayoko siya. Tas pinuri niya ako na, "You're a very smart person. You just don't realize that you're a very smart person". Hindi siya nag cocompliment ng ganun ganun lang.
29. What would you like to do more or be more of?	
Respondent 1	Maglaro ng basketball. Gusto ko magpayaman. Yun lang.
Respondent 2	I want to be more of a dancer and a movement artist. Parang epitome ng performance ng mga nag b'broadway. Parang ano, tinitingala ko yung mga ganun. Sila Eva, sila Dita. Basta yun performance art. It's a WOW. Role models. Pag ako naging ganyan parang shet. Idol ko na sarili ko. May workstyle quiz ako na sinagutan na ang lumabas sa akin is entertainer yung major ko. Yung minor ko is leader. Meron akong trait talaga na entertaining. I'm intentionally and unintentionally being funny. Siyaka yung inspiration ko rin ay performers. Kaya nagiging inspired ako in the way they perform kahit ano pa yung form of art nila. Kahit sa podcaster magaling magtanong, sa TCI, sa StyleLikeU. Hindi siya performance na entertaining. Pero magkakaiba kasi yung pwedeng maging impact of an action. Pero for me it's a performance. That is seeking different feedback parang ganun. Parang pag performance kasi pag inisip mong performance is to entertain e. To give you pleasure. Pero iba-iba ang magiging effect sa'yo ng performance depende sa mga tao.
Respondent 3	I wish I could exercise more.
Respondent 4	Gusto ko na magka raket. Online jobs. Siyaka exercise everyday, matuto mag head stand. Magbasa rin ulit ng libro.
Respondent 5	I want to do more creative writing sa substack ko, film photography, and generally taking care of my health and fitness. Kasi nga nawala ako sa track

	<p>last year. Tapos I want to separate my social self from myself. We're all multi-dimensional and when I give myself grace to separate my social self from my alone self, I think I can be more flexible. I want to be more flexible around different people but still have my own boundaries. Allow myself to shape-shift and be different. I want to be anything that I want to be, to express myself, and not contain myself in a single identity because I am not that. We are all multi-dimensional and I think we should be exploring different sides of ourselves. I think i-acknowledge rin natin na natural lang mag-iba yung preferences or wants ng mga tao. We should celebrate people and encourage people to be free to express themselves however they want.</p>
Respondent 6	<p>For my music. Hindi ko talaga siya nabibigyan ng time as much. Binibigyan ko lang siya ng time pag may performance ako. Papractice ako, kakanta ako. Tas after nun wala na ulit. Sabi nga nila diba "the more you do it, the more you become it". So yun, yung gusto ko rin bigyan ng time. Totoo talaga yun. Who do you want to be? Mas ganun yung dream mo. How do you become a painter? You paint. Kailangan rin talaga ng time to embrace who do you want to be. I want to be a musician pero parang kulang na kulang ako ng time for my music. Yun.</p>
Respondent 7	<p>Yung sa music which I will start this month.</p>
Respondent 8	<p>Pagiging artist ko at pagiging psychology ko. Silang dalawa lang talaga ang pangarap ko. Psychologist at artist.</p>
30. What thoughts do you try to fall asleep to?	
Respondent 1	<p>Wala. Nanonood lang ako ng youtube hanggang sa antukin na ako.</p>
Respondent 2	<p>Work. Yung gagawin ko bukas. Iniisip ko ano ba yan ang dami ko pang gagawin bukas kailangan ko matulog. Kapag hindi pa ako inaantok, nagbabasa ako.</p> <p>F: so pag nagbabasa ka ba, yung iniisip mo yung nabasa mo na?</p> <p>Hindi. Kasi passive reader ako e. Kapag nagbabasa ako to pass time. Hanggang sa may maka-caught ng attention ko.</p>
Respondent 3	<p>Kailangan ko matulog. Hahaha. Katulad kagabi 2am na ako nakatulog. Sabi ko, "Kailangan ko makatulog, makatulog, makatulog. Tulog."</p>
Respondent 4	<p>Yung dot. Kapag nakapikit ka may makikita kang dot. Isang dot lang makikita mot as makakatulog ka na. Siyaka magpapatugtog lang ako ng folklore makakatulog na ako.</p>
Respondent 5	<p>I think of a happy memory or a song. But also sometimes I think of dirty thoughts. So that when I sleep, I hope that I dream of something dirty. I think I also have wet dreams, but I don't get wet ahahaha. Is there an equivalent of</p>

	a wet dream to a woman? I think meron. But I think that only happened once or twice.
Respondent 6	Wala nag mamasturbate ako. Sabi ko nga sa kaibigan ko na hindi makatulog, “magjakol ka”. Kasi it relaxes the body. Tapos bibigyan ka niya ng feeling na trans – na pagod ka tas makakatulog ka na.
Respondent 7	What thoughts may come. Tas natutulog na pala ako. O manood ng pelikula. Pag na feel ko na na may antok, yun na.
Respondent 8	Yung mga webtoon na napapanood ko. AYoko! NO! Mga action webtoon, mga drama. Nahihiya ako! Basta mabibigay ko lang sa’yo yung mga nababasa ko napapanood ko action, drama. No! more on drama. Mga malungkot.
31. What used to scare you but not anymore? How did you overcome your fear?	
Respondent 1	Heights. I overcome it by exposing myself to heights. Rollercoaster, climbing. Yun.
Respondent 2	AR. Naisip ko paano pag umalis na si K. Natakot ako sa gravity ng work. Sa akin lahat mapupunta. Tangina. Dinadaan ko siya sa rage pero fear yun eh. I mean marami namang sigurong GEN Z na ganito na yung view of work is not a career ladder talaga. But as a means to fulfill your needs and wants. Ayoko yung grind. Ayoko yung hustle na I’m not happy with... siguro kasi tamad rin ako. Kapag ayoko na gusto ko masabing ayoko na. Kapag hindi ko kaya, gusto kong sabihin na hindi ko kaya. After nung umalis si K, biglang nag flip yung personality ko or work mode ko to I can do this. Kaya ko naman pala to eh. Once malaman na kaya ko pala tong gawin, hindi na ako natakot. Minsan may work pressure, pero as long as alam mo naman kung ano yung process meron na akong added competence na, huwag kang magalala. May mga tutulong to answer that or kailangan malaman ko lang kung ano yung kailangan para magawa ko. Babalik ka lang sa basic things na kailangan mo I fill-in. Tapos wala na.
Respondent 3	I am scared of things na malilimitahan ako. I’m scared of, yung mga bagay na lagi kong ginagawa dati na hindi ko na pwedeng gawin. Let us say, financial freedom. There will come a time when I retire I will not have the same freedom. Because I have to meet both ends. I have to budget my retirement fund, pension, and other source of income. So, that’s scary for me. If hindi ko mapatapos yung mga anak ko. That’s very scary. Because I have nothing to give. I only have enough. I believe that I was able to provide a good life, a better life in terms of love, family, and needs. So, yung fear ko na darating yung time na I have to be a simple person back again just like when I was growing up. Na kung ano yung meron, pagkasyahin. Ang pray ko lang, if ever I would be passing, hindi na mahirapan ang family ko. It’s

	still a process. And I believe my children are loving and grateful for having us as their parents.
Respondent 4	Si Shomba. Hahahah. Manonood ng mas nakakatakot. Sa talk to the hand (talk to me). Yun. Napalitan na si Shomba. Nung nag freedive din kami. Diba takot ako sa malalim, pero siyempre since may kasama kami na instructor, siguro nakalimutan ko na hindi ko abot yung sahig kaya ko siya nagawa. O kaya pinilit ko yung sarili ko na kaya ko to. Pero takot pa rin ako kapag alam kong hindi ko na siya abot (sahig ng swimming pool).
Respondent 5	Yung fear ko sa pagpasok papunta at pauwi sa APC. When I was in 1 st year/2 nd year, hindi pa ako marunong mag-commute I was scared to go out and mag commute ng ako lang kasi nga malayo. I mean hindi naman na 'to perpetual diba. Pero also nung naovercome ko yun, everytime na nakakasakay na ako ng cab papuntang school victory na siya para sa akin. Para sa akin na overcome ko na. I overcome it through doing more of it and facing it. May fear pero meron ding sense of pride kasi kaya ko na.
Respondent 6	Losing people, hindi na ako takot mawalan ng tao. If it stays it stays. If it leaves it means that's the end of it. So babalikan mo na lang is the moment you've spent with each other. I'm not afraid of losing people because I lost people and fighting for it... totoo talaga yung you're exactly where you need to be. What's meant for you will find you. Kung mawawala man siya ngayon and bumalik siya, ganun siya talaga. You don't have to make sense of it. Kung sino yung nandyan, appreciate it more. Kung sino yung wala, say thank you to it, and let go.
Respondent 7	Nung before pandemic, I will be open to other people's criticisms. Lalo na pag observahan na kami, "Ano ito yung weakness mo e". Ayaw na ayaw ko yun. Yung mag c'critic ayaw ko yun. Pero ngayon na-overcome ko yun because of the pandemic at siyaka kay Sir Bot na rin. Pag kumakanta kami isa-isa i-c'critic kayo. So sabi ko sarili ko, wala na kailangan ko na tanggapin, I should be open to criticism. Lalo na nung napunta ako ng Scho, si sir Jim, yung mga materials ko para akong nagdedefend. Bawat i-p'present kong lesson dadaan sakanya i-c'criticize niya. Pero meron palang beauty yun. Tapos yung video diba i-sh'share namin. Dati ayoko yung mavivideohan ako eh. So, minsan yung mga ganun ma fo-force ka but you'll realize na it's for your growth.
Respondent 8	White lady! Yung pag lalabas siya sa tv. Ngayon hindi na. Mga kinakatakutan ko na ngayon multo pa rin pero hindi na white lady. Mga kita yung mukha. Nawala na lang siya. May mga mas nakakatakot na dumating. Conjuring ba naman, dun sa taas ng cabinet ipalit mo sa white lady! Hahah. Nakakatakot talaga yun. Mawawala talaga takot mo sa white lady kasi may mas worse! Pag nagtatakip ako ineexpect ko na may lalabas. Grabe hindi ko ineexpect yun nanduduun sa taas ng cabinet!

PART 2: QUESTIONS ON ART AND AI	
1. For you, what makes something a piece of art?	
Respondent 1	Colors. Ay hindi. Image. Pag may image dun sa art, art yun.
Respondent 2	If it has an impact and if it makes you feel something. Kapag meron kang naisip after mo siyang pakinggan o hawakan. Kahi yung pag “WOW” mo lang impact na yun eh.
Respondent 3	If I find it beautiful, it’s art. Minsan, “BAKIT BA GANITO YUNG PAINTING NA ‘TO HINDI KO MAINITINDIHAN”. Maybe that is art, but I am limited to understanding what’s behind it.
Respondent 4	Kapag yung dinrawing niyo (kayo ni G o A). Dun ko lang siya nacoconsider na art. Siyaka music.
Respondent 5	A piece of art is anything that can make people feel emotions. Anything that starts a conversation. Something that is usable like upuan. Anything that is by nature or something that is made by people that is intended to be conducive to life and to flourishing. Art is also something that tells a story.
Respondent 6	Something that evokes emotion. Anything that evokes emotion or makes you think, makes you feel something that’s a piece of art. Not necessarily just a painting.
Respondent 7	A piece of art kapag may harmony. Sa elements at variation.
Respondent 8	Art is kapag may story behind dun. May one time kasi may painting ako nakita parang ang dark na ocean lang. pero napaka dark niya dinrawing. Tas nung nakita ko yun bumigat yung pakiramdam ko. Literal na bumigat yung pakiramdam ko. Anong meron sa painting na ‘to bakit bumigat yung pakiramdam ko? Dun ko nasabi na, “ah. It’s art”. Meron kasi akong art na nakita na about sa client at psychology. Ang story sa painting na yun is nagpakamatay yung psychologist. Itong patient ng psychologist sakanya niya sinasabi yung mga problema niya. Which is a failed part para sa psychologist kasi siya ang nagpakamatay dapat tinutulungan yung patient. Yung yung story. Pero makikita mo sa painting may rubix cube, para sakanya ay rumbled. Yung sinisymbolize na ang gulo-gulo ng utak ng psychologist samantalang yung patient okay yung rubix niya. Merong mga metaphoric symbols na “ah ang ganda”. Isang illustration lang siya pero may malalim na story behind dun. May nabibigay na emotion. Emotion, story, tas ayun entertainment. Web comics.
2. What’s your impression on AI tools? Do you use it? When did you first encounter AI?	
Respondent 1	Effective. I first encountered AI earlier this (2023) year. (Ginagamit ko yung) Chat GPT. Oo mga sagot sa tanong [yung sine-search ko]. Tinatanong

	<p>ko kung mag formulate siya ng essay o kaya pahabain niya yung sagot ko. O kaya, kaniyang summary ganun. Meron nga yung blackbox e. Ewan ko kung pang ano lang yun, coding. Basta nag iinsert siya ng picture, tas generate code. Bibigay niya sayo yung code.</p>
Respondent 2	<p>Chat GPT. Hindi ko alam kung saan ko siya unang narinig or nakita. I think nakita. I mean dati nung HS wala pang AI. Pero if hindi mo alam yung AI iisipin mo robot siya or app siya or machine that is better than a human. I use CHAT GPT for emails. If meron akong gustong i-convey in a nicer way yun gumagamit ako ng AI to re-write yung thought ko. Gusto ko eloquent, clear, concise. May times na pag gumagamit ako ng CHAT GPT hindi ko siya kinokopya ng buo. Maliban nalang pag written form doc. Pero kapag email hindi ko kinopya lahat. May mga sentence lang akong kinukuha tas ako na yung bubuo. Hindi pa siya magaling actually. Hindi pa siya fully makaka replace of a human person. Kunwari if complex gusto ng client, hindi siya masasagutan ng AI, if CHAT GPT hindi pa. Ewan ko sa ibang tools.</p> <p>F: What's your general impression sa AI ngayon?</p> <p>Magaling. Pero at the same time, scary. Kasi nahihirapan na raw ang humans to identify a human face from an AI generated human face. Siyempre scary na yun.</p>
Respondent 3	<p>Before it became popular, being in the technical world, AI is very dangerous. Because although it's a human created thing, it's a program. That's why it's called Artificial Intelligence, it will work based on how it's programmed. It will not work beyond it. It's a matter of conditions programmed in their chips. I don't think AI will supersede the intelligence of a human person, because AI is just created by humans. I use AI, Chat GPT. I knew it from my boss. But take note, it can be a wrong answer because there's always a keypoint. That if you type this, this is the answer. You have to validate all.</p>
Respondent 4	<p>Hindi ko siya nagagamit. Pero may good side at bad side. Less time consuming, sa bad side yung nga hindi ka na mag iisip.</p>
Respondent 5	<p>I first heard of AI which is Chat GPT, yung pinaka-unang sumikat kay ryle. Ginagamit niya daw yun sa thesis niya tas mas natututo pa raw siya dun kaysa sa teacher niya. Nakakatawa. Tapos, nung nadiscover ko si Bard kasi bigla siyang lumabas sa google search engine. Mas functional at accessible siya for me kasi part na siya ng google. Very interesting at challenging. Kasi for me everytime I use a tool, i'm searching rin is this AI tool responsible, what will this do with my data ganun. When you're interacting with AI tools you need to be cautious, responsible, and explore what works for you. Impression ko sa AI tools is siyempre ang galing! Naging matunog yung AI</p>

	<p>dahil sa midjourney, dalle. Ang out of this world kaya ng mga art nun. For me amazing more than the fear. Kaya yun din yung reason kung bakit ko gustong ma-explore kung ano pa yung possibilities na kaya kong magawa sa project ko with AI. I use Bard now as a collaborator for my ideas. Example if ma-stuck ako sa isang idea I will talk to Bard and ask “what do you think of this idea? How can these ideas be improved?”. Sobrang helpful niya sa brainstorming at conceptualization. Natatangal ka niya talaga sa rut. Yung yung isa sa mga gusto ko. Dun din ako nag start. Something to bounce ideas with. It’s really helpful.</p>
Respondent 6	<p>Natatakot pa rin ako sa anong pwede niyang gawin, but at the same time kailangan mo siyang i-embrace kasi that’s where we’re going. Kailangan mo lang maging extra cautious as a creative on how you use it para hindi na violate yung ibang creative artists. Ang naging problem talaga diyan is how it uses human works without consent. Responsible use of AI talaga.</p> <p>F: Do you use it?</p> <p>Oo. For me, kailangan na lahat mag AI. Kasi totoo yung sabi nila na, “AI will not necessarily replace you but a creative who knows or uses AI will most likely replace you”. So dapat matuto ka rin kung paano gamitin siya. Ganyan din ang reaction ng mga tao sa photoshop. Ayaw nila gamitin yun at first pero tignan mo naman ngayon. Any change naman talaga is nakakatakot. But you have to adapt. Dapat mabilis kang mag-adapt.</p> <p>F: When did you first encounter AI?</p> <p>Sa work. Hindi ako gumagamit ng kahit anong word-related, AI generated na word hindi ako gumagamit non. Ang ginagamit ko for art kasi kulang kami sa art directors. So halimbawa gagawa kami ng storyboard, AI board. Maglalagay ka ng prompt. Kasi kulang kami sa art director. Adobe Firefly. License ng ogilvy. Maganda din siya. Pero siyempre it doesn’t communicate exactly like a storyboard artist would portray it. Text-image.</p>
Respondent 7	<p>It’s something that can help us but also damage human creativity and critical thinking. Technology solves the problem of speed. Yung problem na magdepend sa AI ang mga tamad. Enhancement yes. Yung ginagamit siyang tool for enhancement.</p> <p>When did you first encounter AI?</p> <p>2 years ago. Sa chat GPT. Nung nag aaral ako sa MA Philosophy of Psychology. We’re talking about intelligence, yung mind. Nabanggit niya yung Artificial Intelligence.</p>

Respondent 8	<p>First encounter ko sa AI is tiktok. Na use ko siya as reference at pang cheat. Pero ang AI kasi nakakapag explain din siya saakin. Kunyari may diniscuss si sir na hindi ko maintindihan. Copy paste ko siya tas i-explain niya, yun ang pinaka Magandang use sa akin ng AI, natutulungan niya ako. Kaya ko mag self-study through ganun dahil sakanya. Kaya ko din i-short cut with AI. “bakit methodology niyo past-tense? Dapat hindi niyo past-tense”. So ang ginagawa ko kina copy paste ko lahat yung paragraph tas ipa-past tense. Naging short cut. Napaka convenient. Although pagdating sa art hindi ko ginagamit ang AI tas c’claim kong akin. Although gagamit ko as reference sabi ko nga yung multiple ideas diba. Kuya ko unang nagsabi sa akin ng Chat GPT. Chat GPT una kong ginamit. Simula palang, “can you explain this?”. Tapos naging complex na, “make this lesson into a multiple-choice questionnaires”. Tapos mas lumalim pa na, “tulungan moa ko sa research ko ano ang mas magandang sampling technique dito?”. AI is cheat siya pero at the same time teacher rin kasi nga tinuturuan niya ako unlike na sa research adviser ko.</p> <p>F: bakit feeling mo nag c’cheat ka pag ginagamit mo siya?</p> <p>Hindi naman sa feeling, kasi cheat talaga siya. Nag c’cheat ako sa AI pag yung mismong buong test questionnaire i-c’copy paste ko tapos, “tell me the answer”. Ang hindi cheat ay yung igagamit mo siya for convenience at para short cut. I g’guide ka niya, explain this.</p>
3. What does AI art mean for you? What image you would want an AI art to generate?	
Respondent 1	Wala naman. Pero naisip ko lang, grabe na yung kayang gawin ng AI. Siyempre yung hirap na gawin ng art na yun, mabilis lang para sa AI.
Respondent 2	Para siyang visual hyperbole, exaggeration. More on eye candy. Pleasing to the eyes pero after nun wala na. I want to generate my dreams if I can.
Respondent 3	Very good if it will be used for good. But not for other bad purpose. Image is “I want to see the real face of Jesus”.
